


PAGKUKUPKOP ²

 Ako...nahuli lang nang kaunti. Nagkaroon ako ng mayroon kasing isang tao na naging marahas, napakarahas, at sadyang kinailangan kong pumunta noong oras na iyon, dahil sila'y talagang, sobrang sama. At nagbiyahe ako mula pa sa Michigan, tumawag 'yung sheriff, at iba pa, na sila nga'y talagang, sobrang sama. Ngayon, subalit magiging maayos nang lahat; ang lahat—naayos na ang buong sitwasyon, kaya mabuti naman. Kapag dumarating ang Panginoon, naayos na ang buong sitwasyon pagka ganoon, di ba? Oh, Siya—Siya ay napakabuti; ang isipin ang tungkol sa Kanyang kabutihan at Kanyang kahabagan, ang tungkol sa kung ano ang halaga Niya sa atin, at kung gaano kahalaga ang mga papuri sa Kanya.

Buveno, sinikap nating magsimula, sa pagsasabing tatalakayin natin ang unang tatlong kabanata ng aklat ng Efeso. At sa palagay ko'y natalakay na natin ang unang tatlong salita, o ang unang tatlong *bagay* roon. Hindi tayo gaanong nakalayo, ngunit marahil ngayong gabi puwede tayong pumalaot pa nang kaunti. Ngayon, gusto kong sabihin na hindi ako estudyante ng Biblia, malayo talaga, malayong-malayo sa pagiging isang teologo, ngunit ako—mahal ko ang Panginoon, at gustung-gusto ko Siyang paglingkuran at... [Nakikipag-usap ang isang kapatid na lalaki kay Kapatid na Branham—Pat.]

May isang tao, sadyang isang biglaang kagipitan, ang sabi, bago tayo magpatuloy ngayon, isang munting batang babae sa ospital sa Louisville, at isinuko na siya ng lahat na ng pinakamahuhusay na espesyalista, nag-aagaw-buhay na siya ngayon, at humihiling para sa batang ito. Bilang mga Cristiano, tungkulin natin na iyukod ang ating mga ulo, ngayon, para sa panalangin.

Aming mapagbiyayang Panginoon, hindi lamang po namin ito tungkulin, kundi ito po ay pribilehiyo namin, at amin pong—amin pong ninanasa na iyukod namin ang aming mga ulo ngayong gabi bilang isang iglesya, bilang isang grupo ng mga tinawag, na nananampalatayang mga tao ngayong gabi, upang ituro ang Iyong Salita, ipinuposisyon kami tungo sa Katawan, sa kung saan kami nararapat, at kung saan makagagawa kami na magkakatapat na sama-sama bilang mga miyembro ng Katawan ni Cristo.

² At ngayo'y hinihingi sa amin na kaagad na lumapit sa Diyos. At bawat isa sa amin na mga ama ay iniisip na, paano kung iyon ang aming maliit na anak na babae, gaanong mag-aapoy at masasaktan ang aming mga puso sa kalooban namin, at mananawagan kami sa mga iglesya na kaagad na manalangin. At

may isang ama na ang puso ay nag-aapoy, kumikirot. Panginoon, dumating nawa ngayon din yaong dakilang Persona ng Banal na Espiritu sa puso ng naturang ama. Alisin ang lahat ng anino ng pag-aalinlangan, at bawat kirot, at ipaalam sa kanya na Ikaw ang Diyos at walang karamdaman na makapananaig sa Iyong Presensiya kapag ang Iyong Banal na utos ay isinagawa ng Iyong iglesya at ng Iyong mga tao.

³ At sa buong sanlinggo, kami ay nananalangin, mula pa noong nakaraang Linggo ay napagnilayan ko na ang tungkol sa mga paraang ito o itong mga paraang ito ng pananalangin. Wala kaming gaanong sandata kung titingnan ng sanlibutan, subalit ang maliit na tirador na ito ay nakamamatay kapag hinawakan ng mga daliri ng pananampalataya. O Panginoon, masapol nawa ng aming mga panalangin, ang kamatayan na iyon doon na lumulukob sa batang iyon, at madurog nawa ito; ang kadiliman, mga kapanglawan, palayo sa tabi ng higaan ng musmos na iyon, ng naturang sanggol o batang iyon, munting batang babae. At magliwanag nawa sa kanya ang dakilang Liwanag ng Presensiya ng Diyos. Lumabas nawa siya sa ospital na iyon, na magaling nang bata.

⁴ Diyos, alam namin na sa kabilang ibayo lamang ng ilog ay naghihintay ang aming mga mahal sa buhay, at maluwalhati iyon. Ngunit mahal namin ang aming mga anak. At dumadalangin kami, Panginoon, na para sa Iyong ikaluluwalhati, na hindi Mo hahayaang mamatay ang batang iyon. Kami, bilang Iyong iglesya, ay sinasaway ang kamatayang iyon, at sinasabing, “Huminto ka ryan. Hindi mo puwedeng kunin ang batang iyan, dahil inaangkin namin ang buhay nito para sa kapakanan ng kaharian ng Diyos.” Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito, Panginoon, na dumiretso sa pinupuntirya namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na aming Tagapagligtas. Amen.

⁵ Nananampalataya ba tayo? Hindi ko alam kung ano ang magagawa ko kung hindi ako isang Cristiano. Sadyang hindi ko na nanaisin pang magtagal. Walang anumang dahilan para mabuhay, tanging ang madala sa kaligtasan ang iba, ang pinakamainam na alam ko.

⁶ Ngayon, sa gabing ito nais nating umpisahan lamang ang isang maikling pagbabalik-tanaw ng nakaraan nating pag-aaral. At sisikapin kong basahin, dahil, ang buong kabanata, kung magagawa ko ngayong gabi. Kaya sa Linggo ng umaga ay kakailanganin ko sigurong magtuluy-tuloy kapuwa ng Linggo ng umaga at gabi, kung ayos lang iyon, upang sikaping matalakay ang tagpong ito ng kung ano ang nais kong makita ng iglesya. Oh, napakainam na makita ang iyong posisyon! At walang magagawa ang sinuman maliban na alam mo nang husto ang ginagawa mo.

7 Paano kung ikaw ay mapapasa...maooperahan, at may isang bagito pang doktor na katatapos lang mag-aral na kanyang...hindi pa kailanman nakapagsagawa ng operasyon. Gayunpaman, bata pa siya at guwapo, at maayos ang pagkakasuklay ng buhok niyang nangingintab, at napakagara ng suot niya, pusturang-pustura, at lahat na. At sabi niya, “Hinasa ko na ang mga panghiwa, at inesterilisa ko na ang lahat ng mga gamit at mga ganung bagay.” Pero magkakaroon ka ng medyo kakatwang pakiramdam tungkol doon. Mas gusto ko pa ng matandang doktor na nakapagsagawa na ng ganoong operasyon nang maraming beses na, bago ako magpaopera. Ako—gusto ko na malaman ang isa na hindi naman katatapos pa lang ng pag-aaral, gusto ko ng isa na may mga karanasan na.

8 At Ang siyang may pinakamahusay na karanasan na alam ko, na matatawagan ngayong gabi, ay ang Espiritu Santo. Siya ang dakilang Manggagamot ng Diyos at dakilang Guro.

9 At bilang pagbabalik-tanaw ng Mensahe ko ngayong gabi, doon pa rin sa pangaral noong Linggo, na ito ay...Tinanggihan nila si Samuel na taglay ang Salita ng Panginoon; at tinanggap si Saul, ang anak ni Kish; at tinanggihan si Samuel, na kumakatawan sa Espiritu Santo, dahil nagsasalita lang siya kung kailan siya pinangungunahan ng Espiritu na magsalita. At noong tawagin niya ang kanilang pansin rito, sabi niya, “Alalahanin n’yo, wala pa akong sinabi sa inyo kailanman sa Pangalan ng Panginoon kundi ang pinangyari ng Panginoon. Ni hindi rin ako lumakad na may masamang-asal sa inyong harapan. At walang makapag-aakusa sa akin ng kasalanan.”

Katulad ng sinabi ni Jesus, “Sino ang makahahatol sa Akin ng kasalanan?” Kita n’yo?

10 At sinabi niyang muli, na, “Hindi ako lumapit sa inyo at namalimos sa inyo ng salapi at kung ano pa. Wala akong kinuha sa inyo. Kundi lahat ng sinabi ko ay para sa ikabubuti ninyo, na inihatid ko sa inyo mula sa bibig ng Panginoon.”

11 At pinatotohanan ng buong bayan, “Totoo iyon. Ang lahat ng iyon ay pawang totoo, ngunit gayunpaman gusto naming magkaroon ng isang hari. Gusto naming maging kagaya ng iba pa sa mundo.”

12 Ngayon, sa gabing ito, ang Kasulatan natin ay paghahati ng Aklat ng Efeso, na siyang Aklat ng Josue ng Bagong Tipan. Ito’y ang paghahati-hati at paglalagay sa tamang posisyon sa “mga mananagumpay.” Ngayon, pagbabalik-tanaw lang ito sa loob ng ilang sandali, upang makapunta sa isang dako bago tayo mag-umpisang magbasa, simula sa ika-3 talata. Ngayon, napagalaman natin noong nakaraang Linggo ng gabi na ang...ang Diyos sa Lumang Tipan ay nangako sa Israel ng isang lupain ng kapahingahan, dahil sila’y naging mga manlalakbay at mga lagalag. At naroroon sila sa lupain na hindi kanila, at nangako

ang Diyos kay Abraham na makikipamayan siya, ang binhi niya ay makikipamayan sa loob ng apat na raang taon sa ibang bayan, at aapihin, ngunit sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay ay dadalhin Niya sila sa isang masaganang lupain na binubukalan ng gatas at pulot.

¹³ At, ngayon, noong malapit na ang panahon ng kaganapan ng naturang pangako, nagpalitaw ang Diyos ng isang tao na magdadala sa kanila sa lupaing iyon. Ilan ba ang nasa klase ngayong gabi kung sino 'yun. . . ang nakakaalam kung sino 'yun? Si Moises. Pansinin n'yo, isang mismong, ganap na tipo Niyaong ibinigay sa atin upang magdala sa atin sa Lupang pangako, si Cristo. Ngayon ay may pangako sa atin, dahil ang pangako sa atin ay Kapahingahang espirituwal, kung saan, ang sa kanila naman ay kapahingahang pisikal. At kaya nga papunta sila noon sa isang lupain na masasabi nilang, "Ito ang lupain namin, hindi na kami mga lagalag, pumirmi na kami, ito ang aming lupain, at may kapahingahan kami rito. Magtatanim kami ng aming mga mais, ng aming mga ubasan, at kakain kami mula sa aming mga ubasan. At pagkatapos kapag kami'y pumanaw na, iiwan namin ito sa aming mga anak."

¹⁴ Oh, gaanong makararating tayo sa lupain nito, ang sa mga kautusan tungkol sa mana, kagaya kina Noemi at Ruth, Boaz. Balikan ang lahat ng iyon. Kung papaanong ang isang kapatid na lalaki sa Israel, kung papaanong dapat niyang. . . ang anumang bagay na nawala sa kanya ay kinakailangang tubusin ng isang kamag-anak. Oh, kayganda! Aabutin ng talagang pagkarami-raming linggo, hindi na tayo makakaalis sa kabanatang ito, para lang matalakay iyon. Mapag-uugnay-ugnay natin ang buong Biblia dito mismo, dito mismo sa isang kabanatang ito.

¹⁵ At, oh, gustung-gusto ko talagang pinag-aaralan Ito. Datarati'y tinatalakay namin Ito, at tinatalakay ito nang isang taon at kalahati, at hindi umaalis sa isang Aklat. Basta nananatili lamang Dito.

¹⁶ Ngayon, ngunit, napakadakilang bagay niyon na ang mana, kung papaanong ang isang mana sa lupain na wala nang iba pang makatutubos sa manang iyon kundi isang malapit na kamag-anak. Ngayon, hayaang isingit ko lang ang isang munting tanda rito, na bahagya kong natalakay noong isang gabi, sa inyo na mga ina. Ilan ba dito ang nanalangin na para sa mga mahal ninyo sa buhay, na naligaw? Buweno. Hayan muli, kita n'yo, "Ang inyong mana." Kita n'yo?

¹⁷ Sinabi ni Pablo sa Romano, sabi, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas." Kung may sapat kang pananampalataya para sa sarili mo mismo na maligtas, magkaroon ka ng sapat na pananampalataya, kahit na gaano pang napalayo ang kabataang lalaking iyan, o ang kabataang babae na iyan, maliligtas pa rin

sila anu't ano man. Ang Diyos, sa papaano mang paraan! Kung kinakailangan Niya silang pahigain, gawing nakaratay doon sa isang ospital, na nag-aagaw-buhay, maliligtas sila. Ipinangako iyon ng Diyos. Ang mana! Oh! "At sila'y maparoroon," ang sabi ni Isaias, "at makakasama nila ang lahat ng kanilang mga anak. Sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa Aking buong banal na bundok, sabi ng Panginoon."

¹⁸ Oh, mayroon akong maliit na bahagi na sana'y maiparating ko ngayong gabi, sa inyo. Sadyang nag-aalab sa aking puso, tungkol diyan na bumabalik sa ganyan.

¹⁹ Ngunit ngayon, magtuluy-tuloy pa tayo. Pagkatapos ay napansin n'yo ba si Moises, 'yung dakilang tagapagpamalas ng himala na naglabas sa Israel doon sa lupain, at dinala sila sa lupang pangako, ngunit hindi pinagbaha-bahagi sa kanila ang kani-kanilang mana? Hindi niya ibinigay sa kanila ang kanilang mana; pinangunahan niya sila patungo sa lupain, ngunit si Josue ang naghati-hati sa lupain para sa mga tao. Tama ba? At dinala ni Cristo ang iglesya sa dako kung saan tiniyak na sa kanila ang kanilang pag-aari, ipinagkaloob na sa kanila, ang Jordan na lang ang tatawirin, subalit ang Espiritu Santo Ang Siyang naglalagay sa iglesya sa kaayusan. Inilalagay ng Josue ng panahong ito ang iglesya sa kaayusan nito, nagkaloob sa bawat isa, ng mga kaloob, mga puwesto, posisyon. At Siya ang Tinig ng Diyos na nangungusap sa pagkataong-loob na iniligtas na ni Cristo, ang Espiritu Santo. Ngayon ganoon ba karami ang nakukuha ninyo rito? Ngayon tutungo na tayo sa Aklat ng Efeso. Ngayon, sa ganoon ding paraan, ipinuposisyon Niya ang iglesya kung saan sila nararapat. Ngayon, inilagay sila ni Josue sa lupaing natural. Inilalagay naman ngayon ng Banal na Espiritu ang iglesya, sa pagkaposisyon, sa lupain, na kanilang, sa posisyon na sila'y nararapat, sa kani-kanilang mana.

²⁰ Ngayon, ang unang bagay na nag-umpisa siya rito, sinimulan niya ang kanyang sulat ng, "Si Pablo." Na, malalaman natin pagkaraan ng ilang sandali na ang lahat ng mga hiwagang ito ay inihayag sa kanya, hindi sa isang seminaryo, hindi ng sinumang teologo, kundi ito ay isang Makalangit na kapahayagan ng Banal na Espiritu na ibinigay ng Diyos kay Pablo. Na nalalaman na ang hiwaga ng Diyos, ang sabi niya, na naitago mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan, ay ipinahayag sa kanya ng Espiritu Santo. At ang Espiritu Santo sa mga tao ay inilalagay ang bawat isa sa ayos, ipinuposisyon ang iglesya.

²¹ Ngayon, ang unang bagay na inumpisahan ni Pablo rito na sabihin sa mga tao, ay na kunin lahat ang . . . Tandaan n'yo, ito ay sa iglesya, hindi sa taga-labas. Hiwaga ito na mga palaisipan sa kanya, hindi talaga nauunawaan, lampas na iyon sa kanyang pang-unawa, wala siyang alam na anupaman tungkol dito. Subalit, sa iglesya, ito'y pulot na nasa bato, ito'y kagalakan na di maipaliwanag, ito ang pinagpalang katiyakan, ito ang angkla

ng kaluluwa, ito ang ating pag-asa at pinanghahawakan, ito ang Bato ng Kapanahunan, oh, ito ay lahat ng bagay na mabuti. Sapagkat ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapat ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman lilipas.

²² Ngunit walang alam rito ang taong nasa labas ng Canaan, naglalagalag pa rin siya. Hindi ko naman sinasabing hindi siya mabuting tao, hindi ko sinasabi 'yon. Hindi ko sinasabing maging ang tao man sa Egipto ay hindi mabuting tao, subalit siya, hanggang sa makarating na siya sa pag-aari na ito.

²³ At ang pag-aari, na, ang pangakong ibinigay sa iglesia ay hindi isang natural na lupain, kundi isang espirituwal na lupain, sapagkat tayo ay isang maharlikang pagkasaserdote, isang bansang banal. Kung gayon sa maharlikang pagkasaserdote na ito, bansang banal, kakaibang mga tao, mga tinawag, hinirang, pinili, ibinukod, kung gayo'y patay na ang buong sanlibutan sa labas. At tayo'y pinapatnubayan ng Espiritu. Ang mga anak na lalaki't anak na babae ng Diyos ay pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos; hindi ng tao, kundi ng Espiritu.

²⁴ Sa pag-ibig lahat, ang buong bagay ay nakabigkis na ngayon. Sinikap na itong ituro nang maraming beses na, at walang duda na mas natalakay na ito nang husto ng mga mahuhusay na teologo kaysa sa magagawa ko. Ngunit ang bagay na ibig kong sikaping ipaunawa sa inyo ay ito, na ang isang taong na kay Cristo, na taglay ang Banal na Espiritu, ay kayang pagtiisan ang isang tao kung mali man ito, mapagtiyaga, mahinahon, mapagtiis. Siya ay magiliw, mapagpakumbaba, matapat, puspos ng Espiritu, hindi kailanman negatibo, laging positibo. Kakaiba siyang tao.

²⁵ Hindi lang basta isang tao na, "Taglay namin iyon dati. Kung humiyaw kami, taglay na namin ito, kaming mga Methodist. Oh, noong sumigaw kami, naroroon na kami noon sa Lupaing iyon." Mabuti iyon, ayos lang 'yon, naniniwala rin ako diyan.

²⁶ Pagkatapos ay dumating ang mga Pentecostal na nagsasalita sa iba't ibang wika, sila'y, "Nagkaroon na nito; lahat ng mga nagsalita sa iba't ibang wika ay nagkaroon na nito." Naniniwala ako ryan, din naman. Ngunit gayunpaman napag-alaman natin na marami ang wala pa rin Nito, nakita n'yo. Kita n'yo? Ngayon sila'y . . .

²⁷ Papunta na tayo ngayon sa dakilang hiwagang ito na naitago mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan at inihahayag na ngayon sa huling panahon sa mga anak ng Diyos. Naniniwala ba kayo na totoo iyon, na ang mga anak ng Diyos ay nahahayag na? Bago pa tayo mapunta sa kung saan, dumako tayo sa Mga Taga Roma sa ika-8 kabanata sandali, hayaang basahin ko sa inyo ang isang bagay. Tingnan n'yo kung ito nga iyon na patungo sa sinasabi ko rito. Ngayon ay babasahin natin ang Mga Taga Roma 8, sa ika-19 na talata ng—ng ika-8 kabanata ng Mga Taga Roma.

Sapagka't ang maningas na pagmimithi...ang sangnilikha ay naghihintay ng mga pagkahayag ng mga anak ng Dios.

28 May maningas na pagmimithi, ang sangnilikha ay naghihintay ng pagkahayag. Kita n'yo, pagkahayag! Ano ang pagkahayag? Pagpapabatid!

29 Ang buong sanlibutan. Ang mga Mohammedan doon, hinahanap nila ito. Sa buong paligid, sa lahat ng dako, hinahanap nila ito. "Nasaan ang mga taong ito?" Nagkaroon na tayo ng... Nagkaroon na tayo ng humahagibis na hanging malakas, nagkaroon na tayo ng mga kulog at kidlat, nagkaroon na tayo ng langis at dugo, nagkaroon na tayo ng lahat na ng uri ng mga bagay; subalit nabigo tayong marinig ang munting marahang bulong na Tinig na kumuha sa pansin ng propeta, na ibinalot sa sarili ang balabal na iyon at lumabas, sabi, "Narito ako, Panginoon." Kita n'yo?

30 Ngayo'y humihibik at naghihintay ang sangnilikha para sa mga pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Ngayon, una'y ilalagay muna ni Pablo ang iglesya nang eksakto kung saan ito nararapat. Ngayon upang makuha lang natin ang batayang-kaalaman, basahin nating muli.

Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal ('yun "yaong mga binanal") na nangasa Efeso, at...sa mga tapat kay Cristo Jesus:

31 Ngayon, upang hindi ito makalimutan ng klase, papaano tayo makapasok kay Cristo? Umaanib ba tayo sa iglesya para makapasok kay Cristo? Gumagawa ba tayo ng pagpapahayag para makapasok kay Cristo? Inilulubog ba tayo sa tubig para makapasok kay Cristo? Papaano tayo makapasok kay Cristo? Unang Mga Taga-Corinto, ika-12 kabanata, "Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu," isa, malaking E-s-p-i-r-i-t-u, na siyang Banal na Espiritu, "nabautismuhan tayong lahat sa Lupang pangako."

32 Sa Lupang pangako na ito, pagmamay-ari natin ang lahat ng bagay na nasa Lupang pangako. Kita mo ba ito, Kapatid na Collins? Kita n'yo, lahat ng nasa Lupang pangako! Noong tumawid ang Israel dito sa Jordan, patungo sa lupang pangako, ganap na nakipaglaban sa lahat-lahat!

33 Ngayon tandaan, sa Lupang pangako na ito, hindi ibig sabihin na hindi ka na tatablan ng sakit, hindi ibig sabihin na hindi ka na magkakaproblema. Ngunit sinasabi nga nito ang ganito, (oh, hayaan itong bumaon nang malalim), sinasabi nito ito, na sa iyo na ito! Basta tumindig ka lang at kunin ito! Kita n'yo? Kapag...

34 At, tandaan n'yo, ang tanging paraan na namatayan ang Israel ng isang tao, ay noong makapasok ang kasalanan sa

kampamento. Sa ganoong paraan lang tayo mawawalan ng—ng tagumpay, ay ang makapasok ang kasalanan sa loob ng kampamento, may mali na sa kung saan. Noong ninakaw ni Achan ang barang iyon at ang balabal na iyon na yaring Babilonia, nasa kampamento na ang kasalanan, at nagkaproblema na sa pakikipaglaban.

³⁵ Ibigay n'yo sa akin itong—ang iglesyang ito ngayong gabi, ang grupong ito ng mga tao, na ganap, ganap na nasa pangako ng Diyos, taglay ang Banal na Espiritu, lumalakad sa Espiritu, hinahamon ko ang anumang sakit o anumang karamdaman, o anumang mayroon, ang bawat Joe Lewis na mayroon sa bansang ito, sampu ng lahat ng kanyang kataksilan sa asawa, at lahat ng mga di-mananampalataya na mayroon, na magdala ng anumang sakit o karamdaman sa pintuang ito, at magsisilabas sila rito na ganap nang magaling. Siyanga, po. Ipinagkaloob na ng Diyos ang pangako, tanging ang kasalanan ng di-pagsampalataya ang makapipigil rito. Ngayo'y tutungo na tayo sa kung ano itong maliit na kasalanan na ito, pagkaraan ng ilang sandali, ngayon.

. . . na na *kay Cristo Jesus*:

Sumainyo nawa ang biyaya, at kapayapaan, na mula sa Dios na ating Ama, at . . . sa Panginoong Jesus Cristo.

Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo, kay—kay Cristo:

³⁶ Kapag tayo ay na kay Cristo, mayroon tayong pagpapalang espirituwal. Labas kay Cristo, mga sensasyon ang mayroon tayo. Kay Cristo ay may positibo tayong pagpapala. Hindi mga pagkukunwari, hindi mga peke, hindi mga pagbabalatkayo. Ngunit hangga't pinipilit mong sabihin na nasa Lupang pangako ka na, at wala ka pa, ilalantad ka ng iyong mga kasalanan. At, bigla mo na lang malalaman, matatagpuan mo ang sarili mo na paimbabaw pala at—at lahat na, katulad ng tawag natin sa sanlibutan, nabubuhay sa maling akala. Matutuklasan mong wala ka naman pala nung bagay na sinasabi mo. Ngunit kapag na kay Cristo Jesus ka na, ipinangako Niya sa iyo ang Makalangit na kapayapaan, mga Makalangit na pagpapala, Makalangit na Espiritu, ang lahat ng bagay ay sa iyo na. Nasa Lupang pangako ka na at ganap na pagmamay-ari ang lahat ng bagay. Amen. Napakaganda! Oh, pag-aralan natin.

Ayon sa pagkapili niya sa atin . . .

³⁷ Ngayon, dito sobrang natitised ang iglesya.

Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya . . . (Sa Kanino?) kay Cristo.

³⁸ Napag-alaman natin ngayon, doon sa—sa Genesis at sa Apocalipsis, Apocalipsis 17:8, na pinili Niya tayo kay Cristo bago

pa itinatag ang sanlibutan. Ngayon, ang salita . . . Hayaan n'yong basahin ko ang kasunod.

. . . itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya . . .

Na tayo'y itinalaga niya . . .

³⁹ Ngayo'y nais kong huminto sa salitang iyon na “itinalaga.” Ngayon, ang *itinalaga* ay hindi 'yung sabihing, “Pipiliin ko si Kapatid na Neville, at ako—ako—ako—ako—hindi ko pipiliin si Kapatid na Beeler.” Hindi iyon ganun. Ang paunang kaalaman ng Diyos ang may alam kung alin ang magiging husto at alin ang hindi magiging husto. Kaya, sa paunang kaalaman, dahil alam na ng Diyos kung ano ang gagawin Niya, nagtalaga Siya sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman upang gawin ang lahat ng bagay na magkakalakip na gumawa para sa ikabubuti nila na nagsisiibig sa Diyos, upang Kanyang, sa panahong darating, tawaging sama-sama ang lahat ng bagay tungo sa Isa, na si Cristo Jesus.

⁴⁰ Hayaang iguhit ko para sa inyo ang isang paglalarawan dito. Mainam ito. Babalik tayo, sa palagay ko'y tinalakay ko na iyon nang kaunti noong isang gabi, o nadaanan ko na iyon, sa Genesis, sa unang kabanata, 1:26, noong tinawag ng Diyos ang Kanyang Pangalan na, “Panginoong Diyos,” nasa salita iyon ng El, Elah, Elohim, na ang ibig sabihin ay “Yaong mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan.” Wala nang iba pang nabubuhay noon maliban sa Kanya. Walang hangin, walang liwanag, walang mga bituin, walang sanlibutan, wala talagang kahit ano. Ang Diyos, at ang Diyos lang talaga noon, El, Elah, Elohim. Ngayon, ginawa Niya iyon.

⁴¹ Sa loob niyon ay mga katangian na nangangahulugan na Siya ay isang . . . Sa loob ng dakilang El, Elah, Elohim na iyon ay ang isang katangian o isang . . . Alam n'yo na kung ano ang isang *katangian*, o hayaang sabihin ko ito nang ganito, ay isang “kalikasan.” Iyon ay para maunawaan ng paslit, at isa ako sa mga paslit na kailangan itong maunawaan sa ganoong paraan. Sa loob Niya ay ang kalikasan na maging isang ama, subalit mag-isa Siyang kusang nabubuhay nang walang hanggan, wala pang anumang bagay noon para maituring Siya na isang Ama. At, ngayon, doon sa loob niyon ay may iba pa, na Siya ay Diyos; at ang isang diyos ay isang pinag-uukulan ng pagsamba; ngunit Siya ay mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan, na El, Elah, Elah, Elohim, kaya walang anuman na sasamba sa Kanya. Sa loob niyon, isa Siyang Tagapagligtas, at wala namang naligaw para ilitas. Kita n'yo? Sa loob niyon, isa Siyang Tagapagpagaling, kita n'yo, subalit wala namang may sakit para pagalingin, o walang anumang bagay para magkasakit. Ngayon nakikita n'yo na ba ang inilalarawan? Kaya ang mga

katangian Niya, ang kalikasan Niya ay naglabas ng kung ano ang kasalukuyan.

⁴² Sinasabi ng ilang tao, “Buveno, bakit hindi na lang pinigilan iyon ng Diyos noong pasimula?” “Isa Siyang napakalupit,” sabi ni Joe Lewis, ’yung nagkondena kay Joe, o Jack Coe, kita n’yo. Sabi, “Sadyang isa Siyang napakalupit. Walang ganung bagay na gaya ng Diyos. Kung may ganoon mang bagay, Siya’y magiging isang . . .” Oh, ako . . . sadyang itinawag sa Kanya ang lahat na ng uri ng mga pangalan, kita n’yo. Ngunit iyon lang ay dahil sa marahil marami siyang kaalaman *dito* sa itaas, ngunit wala naman siyang kahit ano sa banda *rito*.

⁴³ Ngayon, iyon, doon naroon iyon. Kita n’yo? Sinasabi ng Salitang ito rito, at itinago Niya iyon. At ngayon ang mga hiwagang ito ay itinago noon, alalahanin n’yo, ang sabi ng Biblia, “Mula pa noong pagkakatag ng sanlibutan, naghihintay sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos,” upang maipamalas ang mga iyon sa iglesya. Oh, naku! Nakuha n’yo na?

⁴⁴ Ngayo’y titigil ako sa kuwento ko nang saglit lang, o dadalhin ko . . . Dadako na ako sa susunod kong kaisipan para makuha ito. Ngayon tandaan, sa buong kapanahunan ni Moises, pabalik doon sa panahon ng mga propeta, pabalik sa lahat ng mga kapanahunan, naghintay sila hanggang sa huling mga araw na ito para maipamalas ang mga ito, ayon sa Kasulatan. Siyanga, para mahayag ito sa mga anak ng Diyos. Bakit? Buhat sa nawalang . . . hanggang sa gaya sa piramide, gaya nga ng sabi ko, nagtatayo nang papalapit, nang papalapit, nang papalapit.

⁴⁵ Gaya nga ng madalas kong binabanggit ito, at sinasabi, gumawa ang Diyos ng tatlong Biblia. Ang una, inilagay Niya Iyon sa langit, ang zodiac. Nakita n’yo na ba ang zodiac? Ano ba ang unang anyo sa zodiac? Ang birhen. Ano ba ang huling anyo sa zodiac? Leo ang leon. Dumating Siya sa unang pagkakataon sa birhen, darating Siya sa ikalawang pagkakataon bilang ang Leon sa angkan ni Juda. Kita n’yo?

⁴⁶ Ginawa Niya sa piramide ang sumunod, noong panahon ni Enoc, noong ginawa nila ang piramide. At sinusukat nila ang mga iyon. Hindi ko ’yong maunawaan. Ngunit sa mga digmaan, kung saan sila yumuyuko at paluhod na gumagapang nang matagal, at nagagawang sukatin ang haba ng mga digmaan. Alam n’yo ba kung hanggang saan na ang sukat ng mga iyon ngayon? Papunta na doon mismo sa silid ng hari. At habang papataas ang piramide na ito . . . Hindi natin ito kayang itayo, sa kabila ng lahat ng mayroon tayo sa panahong ito. Hindi natin kayang itayo iyon.

⁴⁷ Itinayo iyon nang *paganito*, hanggang sa isang punto. At ang bato sa ibabaw . . . Ang batong panakip ay hindi kailanman nakita. Hindi talaga sila naglagay ng panakip sa ibabaw ng piramideng iyon. Hindi ko alam kung alam n’yo

na iyon o hindi, 'yung malaking piramide ng Egipto, walang pinakaituktok na bato na nakapatong rito. Bakit? Tinanggihan ang batong panakip, si Cristo, ang Pangulong Bato, kita n'yo, ay tinanggihan.

48 Subalit habang lumalago tayo mula sa kapanahunang Lutheran, kapanahunang Baptist, kapanahunang Methodist, kapanahunang Pentecostal, paakyat na tayo mismo sa panakip na Bato, kita n'yo, naghihintay at umaasam na malagay na ang panakip na Batong iyon, kumpleto na ang gusali. Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan na, "Ang bato ay tinanggihan"? Siyempre pa, alam natin na tumutukoy iyon sa templo ni Solomon. "Subalit ang tinanggihan Bato ang naging Pangulo sa panulok." At sinasabi ko lang ito upang makagawa ng isang—isang—isang paglalarawan para sa inyo.

49 Ngayon, at sa Biblia, nabubuhay tayo sa huling araw, sa ituktok ng piramide, ang mga pinagkrus na isda ng kapanahunang kanser sa zodiac, sa panahon ng pagdating ng Leo ang leon, sa panakip na bato, at sa mga araw ng pagkahayag ng mga anak ng Diyos, sa Biblia, kita n'yo. Nakikita n'yo na ba kung nasaan na tayo? Naririto na tayo mismo sa huling panahon.

50 Ilan ang nagbabasa ng pahayagan nitong linggong ito, kung ano ang sinabi ni Krushchev at ng iba pa? Oh, nakahanda na sila; ganun din tayo. Amen. Handa na! Maayos ang lahat, kita n'yo. Oh, napaka—napaka—napakagandang pribilehiyo, napakagandang araw! Kung mapagtatanto lang ng mga Cristiano ang araw na kinabubuhayan natin. Naku!

51 Ano sa palagay n'yo? Ang manunulat ng Aklat na ito, na nakakita nito, at nakita kung saan ito mahahayag sa mga huling araw, na naghihintay at humihibik para sa mga anak ng Diyos na iyon na magsilitaw na sa mga huling araw, na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa pagwawakas ng kapanahunan, upang ihayag ang mga lihim na bagay mula noong pagkatatag ng sanlibutan, upang ihayag ito.

52 Ngayon bumalik tayo sa "pagkatatag ng sanlibutan" muli, para makakuha ng isang kapahayagan, upang makita kung tama ba tayo o hindi. Sana hindi naman ako maging isang lapastangan sa pagtawag sa Diyos ng, "Papa," ngunit gusto kong sabihin ito nang ganoon para mauunawaan ninyo ito. Si Papa! Gusto ni Papa ng ilang mga anak, kaya ano ang ginawa Niya? Sinabi Niya, "Magkaroon ng mga Anghel." At lumitaw Sila sa palibot Niya. Oh, mainam iyon. Sinamba Nila Siya, nang magkagayon Siya ay Diyos na, ang mga katangian. Alalahanin n'yo, Siya noon ay El (E-1), Elah, Elohim, pagiging mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan, walang anupamang bagay kundi Siya lang. Ang unang bagay na lumitaw ay mga Anghel. Pagkatapos, wala nang ibang higit pang magagawa ang mga Anghel kundi sumamba. Hindi Sila

maaaring maligaw. Gayundin, hindi Sila maaaring magkasakit, mga walang kamatayan Sila na mga nilalang. Kaya, hindi Niya maipamalas ang Kanyang kapangyarihan na magpagaling, hindi Niya maipamalas ang Kanyang pagliligtas. Kung kaya't nang magkagayon, bago pa, ngayo'y ating . . .

⁵³ Nang pagkatapos noon, sinabi Niya, “Gagawa tayo ng bagay na nahahawakan.” Kaya gumawa Siya ng isang mundo. At nang malikha na Niya ang mundo, ay nilikha Niya ang lahat ng mga nilalang sa lupa, at pagkatapos ay nilikha Niya ang tao. Lahat ng bagay na lumitaw mula sa lupa; simula sa isang— isang butete o isang jellyfish, isang anyo lang ng laman na lumulutang-lutang sa tubig, nagsimula roon, hanggang sa . . . mula roon patungo sa isang palaka, na siyang pinakamababang uri ng buhay na matatagpuan natin, ang sabi nila, ay ang palaka. Ang pinakamataas na uri ay ang tao. Mula sa palaka ay nagumpisa iyon patungo sa isang butiki, mula naman sa butiki ay nagpatuloy nang nagpatuloy nang ganoon, at sa tuwing nag-uumpisa ang Banal na Espiritu na “mag-whoosh,” huminga, nagkakaroon na naman ng buhay; “whoosh,” mas mataas na naman na buhay. At bigla na lang, may lumitaw na nasa wangis ng Diyos, iyon ay isang tao. Wala pa kailanman, wala pa dati, wala nang iba pang lilikhain, na anumang mas mataas pa kaysa sa tao, dahil ang tao ay nasa wangis na ng Diyos. Kita n’yo? Pagkatapos ang tao . . .

⁵⁴ Noong likhain Niya ang Kanyang unang tao. Ngayon, noong likhain Niya ang Kanyang mga Anghel . . . likhain Niya ang tao, “Nilalang Niya sila na lalaki at babae,” pawang sa iisang yunit. Siya ay kapuwa lalaki at babae, may pambabaeng katangian at may panlalaking katangian. Noong nilalang Niya si Adan at inilagay siya sa laman . . . alalahanin n’yo sa Genesis 1, ginawa Niya ang lalaki at babae. At sa Genesis 2, wala pang tao noon na magbubungkal ng lupa, taong laman. Wala pang tao na makakahawak ng anuman at magbungkal ng lupa, ngunit ganun pa man ay may tao na noon na nasa Kanyang wangis. “At ang Diyos ay isang . . .” [Sinasabi ng kongregasyon, “Espiritu”—Pat.]. Tama ’yon. Kita n’yo? Nilikha Niya ang unang tao, “nilalang Niya sila na lalaki at babae.” Ngayon, noong likhain Niya ang unang tao!

⁵⁵ Ngayon, tandaan n’yo, nandoon ang lahat ng iyon sa Kanyang isipan. At natalakay ko na iyon noong Linggo ng gabi. Ang isang—ang isang salita ay isang kaisipan na ipinahayag. Inisip ng Diyos kung papaano Siya magiging Diyos, kung papaano Siya masasamba, kung papaano Siya magiging isang Tagapagpagaling, kung papaano Siya magiging isang Tagapagligtas; at pagkasabing-pagkasabi Niya sa Salita, natapos na iyon magpakailanman. Oh, kung makakakapit lang ang mga anak ng Diyos na ito sa Salitang iyon nang ganoon. Kapag sinalita ng Diyos ang isang Salita, tapos na iyon!

Siguradong-sigurado! Maaaring naghintay pa Siya . . . Sinasabi iyon ng kronolohiya, o ng arkeologo at lahat na, ipinahahayag nila na siguro raw ay milyun-milyon at milyon na ang mundo. Hindi ko alam, baka trilyun-trilyon nang taon. Hindi ko alam kung gaano katagal iyon. Hindi naman nabubuhay ang Diyos sa oras. Hindi Siya nabawasan ni isang minuto man lang nang bigkasin Niya iyon. Diyos pa rin Siya. Walang oras sa Kanya.

⁵⁶ Hindi ko alam iyon nang ganoon hanggang noong isang gabi, isang umaga, pala. Walang Hanggan, walang kahapon, walang bukas, ito'y puro ngayon. Napansin n'yo na ba ang salitang "AKO NGA"? Hindi "Ako noon" o "Ako'y magiging." Ito'y Walang Hanggan, "AKO NGA!" Kita n'yo, "AKO NGA," sa tuwina!

⁵⁷ Ngayon, subalit ginusto Niyang ilagay ang mga bagay sa oras. Kinailangan Niyang lumikha ng isang bagay para sumamba, kaya naman inilabas iyon ng Kanyang mga katangian. Pagkatapos ay nilikha Niya ang tao. Nang magkagayon, sa taong ito, tila ba malungkot ito sa pag-iisa. Kaya, ngayon, upang ipakita ngayon ang dakila Niyang kaisipan, kung ano 'yung nakalarawan sa isip Niya tungkol kay Cristo at sa Iglesia, hindi Siya kumuha ng ibang kimpal ng luwad at gumawa ng isang babae, kundi kumuha Siya mula sa may tagiliran ni Adan, ng isang tadyang; at kinuha mula sa espiritu ni Adan, 'yung pambabaeng katangian, at inilagay iyon sa tadyang na ito. Kapag nakakita kayo ng isang lalaking umaasta na parang binabae, may bagay na mali. At kapag nakakita kayo ng isang babaeng gustong umasta na parang lalaki, may bagay na mali. Kita n'yo, may bagay na mali. Ang mga ito ay dalawang magkaibang espiritu, sa kabuuan. Subalit, bilang magkasama, nagiging isang yunit sila, "ang dalawang ito ay iisa." Ganoon nga Niya ginawa ang babae't lalaki, at kailanma'y hindi sila tatanda, hindi mamamatay, hindi magiging ubanin, hindi kailanman. Kumain sila, uminom sila, natulog sila, katulad natin, ngunit hindi nila alam noon kung ano ang kasalanan.

⁵⁸ Ngayo'y lalaktaw ako rito mismo para sa iba namang pag-aaral sa ibang pagkakataon, tungkol sa binhi ng serpiyente. Na, hiniling nila kasi sa akin na bawiin iyon. Ngunit hayaang makita kong may lumapit at magpakita sa akin ng iba. Iyon ang gusto kong malaman, kita n'yo.

⁵⁹ Ngayon, subalit gayun pa man pagkatapos ng lahat ng ito, pagkatapos noong nakapasok na ang kasalanan, ano'ng nangyari?

⁶⁰ Doon sa malayong itaas na iyon, sa kaitaasan, isang milyon, daan-daang milyong milya, ay may puwang na *ganoon* kalaki, at iyon ay ganap na pag-ibig na agapao. Sa tuwing hahakbang ka sa gawing *ito*, kumikitid iyon ng isang pulgada. At alam n'yo na kung gaano na lang iyon kaliit sa oras na makarating na iyon sa

lupa. Ito'y isang anino ng anino ng mga anino. Iyon ang taglay ninyo, 'yon ang taglay ko, isang anino ng anino ng mga anino ng pag-ibig na agapao.

⁶¹ May kung anong bagay sa inyo, may kung anong bagay sa bawat babae na naririto na lampas dalawampung taon na, may kung anong bagay sa bawat lalaki na naririto na lampas dalawampung taon na, na mag-aasam na manatili. May limang taon lang kayo, iyon ay mula edad labinlima hanggang dalawampu. Pagkatapos ng dalawampu ay mag-uumpisa na kayong mamatay nang unti-unti. Ngunit, mula labinlima, kabataan pa lang kayo hanggang doon. At pagkatapos kayo'y magiging husto na sa gulang hanggang sa dalawampung taon na kayo. At pagkatapos ng edad na dalawampu, oh, sasabihin mo, "Sadyang kasing lakas pa ako ng isang binata." Sinasabi mo lang iyon, pero hindi ka na ganun. Unti-unti ka nang namamatay at nauupos ka na, maging ano pa man ang gawin mo. Ginawa ka ng Diyos na maging hanggang sa ganyang edad, pero pagkatapos ay mamamatay ka na nun. Ngayon ano'ng mangyayari? Mag-uumpisa ka na ngayong mamatay nang unti-unti, ngunit doon sa loob ay may kung ano sa iyo na nagsasabi, "Gusto kong maging labingwalong taon muli."

⁶² May gusto akong itanong sa inyo ngayon. Paano kaya kung ipinanganak kayo limang daang taon na ang nakalipas, at nanatili pa rin kayo sa edad na labingwalo hanggang sa araw na ito? Kung hindi ba naman kayo magiging antigo na, sa mga ideya ninyo na mula pa sa nakaraang limang daang taon! Bago pa man dumating dito ang mga magulang nating manlalakbay noon, at isa ka noong kabataang babae na may ganoong uri ng ideya. Aba, mas makabubuti pa sa iyo na nagpatuloy ka na lang sana at tumanda at nabuhay nang limang daang taon. Kita n'yo, may bagay na mali.

⁶³ Sasabihin n'yo, "Buweno, ngayon mismo ay napakaganda talaga ng pakiramdam ko, Kapatid na Branham. Oh, ako'y—ako'y—labingwalong taong gulang ako, labing-anim na taong gulang ako, maganda ang pakiramdam ko." Mahal ko, hayaang sabihin ko sa iyo ang isang bagay. Paano kang nakakasiguro na buhay ngayong minutong ito mismo ang iyong ina, kung wala siya sa simbahang ito? Paano kang nakakasiguro na hindi namatay ang kasintahan mong lalaki kani-kanina lang, o ang iyong kasintahang babae? Paano kang nakakasiguro na kinaumagahan ay hindi ka pa bangkay sa iyong bahay? Paano kang nakakasiguro na lalabas ka sa simbahang ito ngayong gabi, na buhay pa? Ito'y lubos na walang katiyakan. Walang anumang bagay na tiyak. Kung kayo ma'y edad labinlima, labindalawa, labingsiyam, pitumpu't lima, o siyamnapu, mayroong... pawang walang katiyakan lahat. Hindi mo alam kung saan ka nakatayo. Ngunit ganoon pa man naghahangad

kang mabalik ka sa pagiging labinlimang taon, labingwalo. Ano ang nagbubunsod sa 'yo na gawin ang ganoon?

⁶⁴ Ngayon, kung babalik kayo sa pagiging labingwalo at mananatili roon, at hindi magkakasakit at hindi magiging... kakailanganin n'yo ng ibang taong makakasama n'yo, dahil makakatandaan n'yo iyon, kita n'yo. Magpapatuloy ang mga tao sa ibang mga kapanahunan at magiging antigo na kayo. Magiging mas grabe pa kayo kaysa kung tumanda kayong kasabay nila. Subalit may kung anong bagay na tumatawag sa inyo na maparoon. Iyon 'yung munting agapao, ang munting anino na 'yon na nagbubunsod sa inyo... Isang Bagay sa itaas dito.

⁶⁵ Ngayon, noong isang gabi, o noong isang umaga, nang alas-siyete, noong ang Espiritu Santo, sa Kanyang kabutihan at sa Kanyang biyaya, ay dinala ako mula sa katawang ito, sa paniwala ko, sa paniwala ko. Oo o hindi, di ko 'yun sinasabi, at pumasok sa lupaing iyon at nakita ang mga taong iyon, at mga kabataan silang lahat. At nakita ko ang pinakamagagandang tao na nakita ko sa tanang buhay ko. At sinabi Niya sa akin, "Ang iba sa kanila ay siyamnapung taong gulang. Sila ang mga naakay mo. Kaya naman sumisigaw sila ng, 'Kapatid ko! Kapatid ko!'"

⁶⁶ Ngayon, iyon ay isang makalangit na katawan, na hindi tayo nagiging kathang-isip kapag namatay tayo, nagiging katawan tayo. Kung tayo, bawat isa, ay mamatay, kung pasabugin tayo ng bomba atomika ngayon ding minutong ito, sa loob ng limang minuto mula ngayon ay nagkakamayon na tayo at nagyayakapan sa isa't isa, at sumisigaw at nagpapatuloy sa gayon, at niluluwalhati ang Diyos! Siyanga, po. At sina Kapatid na Lalaki't Babaeng Spencer na nakaupo rito, sa palagay ko'y isa sa mga pinakamatandang mag-asawa rito, ay magiging labingwalo, dalawampung taong gulang. Si Kapatid na Neville ay sadyang magiging kabataan na, at magiging bata na ako. At tayong lahat ay sadyang magiging... Iyon mismo ang Katotohanang ito. "Kung masira ang tahanan na tabernakulong ukol sa laman, ay may isa tayong naghihintay na."

⁶⁷ Kapag lumabas na mula sa ina nito ang isang munting sanggol, sa natural na kapanganakan, ang maliit na katawan nito'y naglililikot at sumisipa-sipa ang mga paa, at kung ano pa. Ipagpaumahanin ninyo ang salitang iyon, kayong mga bata pang babae. Ngunit, kapag lumabas na iyon, may maliit itong masel na gumagalaw-galaw. Ngunit pagdating nito sa lupa, ang unang bagay, magkakaroon ito ng hininga, at may isang espirituwal na katawan ng kalikasan na darating sa sanggol na iyon noon din. Pabayaang mo lang ito, ikikilos nito ang maliit nitong ulo saka hahagilapin niyon ang suso ng kanyang ina at magsisimulang sumuso. Kung hindi nito ginawa ang ganoon, ni hindi bababa ang gatas.

68 Napansin n'yo na ba ang isang guya kapag ito'y isinilang, ito . . . pagka nagkaroon na iyon ng sapat na lakas na makatayo? Sino ang nagsasabi rito? Lalakad iyon mismo patungo sa ina nito, mag-uumpisa itong maghagilap sa paligid at mag-uumpisa nang sumuso. Oh, siyanga!

69 Sapagkat, kapag isinilang ang katawan na ito na ukol sa lupa, ay may isang espirituwal na katawan na nakahanda na para dito. At sa oras na itong . . . Oh, hallelujah! "At kung masira ang tabernakulong panahanan na ito na ukol sa laman, ay may isang naghihintay roon." Pagkalabas na pagkalabas natin sa isang ito, ay papasok na tayo sa isang iyon; isa na ayaw ng malamig na inuming tubig, hindi na kailangan pang uminom ng tubig; isa na hindi kumakain, hindi gawa ang mga iyon sa alabok ng lupa. Ngunit sadyang totoo ang mga iyon, at nagagawang makaramdam at makipagkamay, at sadyang nagmamahal at lahat ay sakdal na. At naghihintay ang katawang iyon doon. Bahagi nito iyon. Tatlo sila.

70 Pinasisimulan mo ang iyong Walang Hanggang Buhay dito mismo sa altar. Dito mo inuumpisahan ang Walang Hanggan. Oh! Inuumpisahan mo ang Walang Hanggang Buhay rito mismo. Pagkatapos ay isinilang ka nang mag-uli, isang anak ng Diyos. At pagkatapos kapag namatay ka na, magsisimula kang . . . Kapag dinatnan ka na ng kamatayan mo sa katawang ito at tumigil na sa pagtibok ang puso, at ang mga gulong ng buhay ay nag-umpisa nang tumigil, ang munting aninong iyon na isang anino ng anino, sa isang segundo ay magiging anino ito ng anino, pagkatapos ang susunod ay magiging anino ito, pagkatapos ang kasunod ay magiging isa itong munting patak, pagkatapos ang kasunod ay magiging isa itong batis, pagkatapos ay ang kasunod ay magiging isa na itong ilog, at ang kasunod ay magiging isa itong karagatan, at pagkaraan pa ng ilang sandali nakatayo ka na sa presensiya ng iyong mga mahal sa buhay na naroroon, nararamtan ng mga kasuotan ng makalangit na katawan, na kilala n'yo ang isa't isa, nagmamahalan sa isa't isa, nanumbalik na kayo sa isang kabataang lalaki at kabataang babae muli. Talagang tumpak. Maghihintay ito roon hanggang sa pagdating ng Panginoong Jesus. At balang araw ang Kanyang niluwalhating katawang iyon . . . Ngayon tandaan n'yo, iyon ay isang katawang makalangit, hindi isang niluwalhati, isang makalangit na katawan. At balang araw ay lilisanin ng makalangit na katawang iyon ang Langit na kasama ni Jesus.

71 "Sapagkat sinasabi ko ito sa inyo," Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, sa ika-5 kabanata, o Unang Mga Taga-Tesalonica, ika-5 kabanata, kung alinman doon sa dalawa, "Sinisabi ko sa inyo, hindi ko ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa mga natutulog, upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng iba na walang pag-asa. Sapagkat kung tayo'y

nagsisisampalatayang si Cristo ay namatay at nabuhay na mag-uli sa ikatlong araw, ay gayon din naman ang mga natutulong kay Cristo ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya. Sapagkat sinasabi namin ito sa inyo sa mga utos ng Panginoon, na tayong mga nabubuhay at natitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi mauuna sa anumang paraan o makahahadlang” (ang pinakamainam na salita) “makahahadlang sa mga natutulong. Sapagkat tutunog ang trumpeta ng Panginoon, at ang mga namatay kay Cristo ay unang mabubuhay na mag-uli.” Ang mga makalangit na katawang ito ay bababa at magbibihis ng panlupa, na niluwalhating mga katawan. “At tayong mga nabubuhay at natitira ay babaguhin sa isang sandali, sa isang kispap-mata, at aagawin kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin.”

72 “Hindi na Ako iinom nitong bunga ng ubas ni kakain man hanggang sa kainin Ko itong panibago na kasalo kayo sa Kaharian ng Aking Ama,” ang Hapunan ng Kasalan. Sapagkat ang tatlo at kalahating taon ng anticristo ang magtatapos ng kanyang paghahari, ang buong mundo ay mawawasak, ang mga Judio ay tatawagin, magpapakilala si Joseph sa mga Gentil, o sa mga Judio. Alalahanin n’yo, noong magpakilala na si Joseph sa mga kapatid, wala ni isa mang Gentil na naroroon. Nang ipasundo niya . . . Alam n’yo na ang kuwento. Si Joseph, na ganap na tumitipo kay Cristo, sa lahat ng kaparaanan. At noong ipinasundo ni Joseph ang kanyang mga kapatid, at nagpunta sila roon, at tumingin siya at nakita ang munting si Benjamin, at nakita niya sila roon at pagkatapos ay kanyang . . . Sabi nila, “Aba, ang taong ito! Ating—hindi natin dapat na pinatay ang kapatid nating si Joseph.” Pagka nakita na ng mga Judio na nagkamali sila; ngayon kapag si Cristo, kapag ipinakikilala na Niya ang Kanyang Sarili sa kanila. At nag-uumpapaw na noon si Joseph, kinailangan niyang umiyak, halos, kaya pinaalis niya ang kanyang asawa at ang kanyang mga anak, at lahat ng mga guwardiya at lahat na ng iba pa, at pinapunta sila sa palasyo. Tama ngang talaga. At pagkatapos sa presensiya ng mga Judio na lang, sabi niya, “Ako si Joseph, ang inyong kapatid. Ako ang inyong kapatid.” At pagkatapos ay nagpatirapa sila at nagsimulang manginig, sabi, “Ngayon alam na nating mapaparusahan na tayo, dahil sa pinatay natin ang ating kapatid. Sinabi nating pinatay natin ang ating kapatid, at ngayon siya na itong dakilang hari.”

73 Sinabi niya, “Ginawa iyon ng Diyos para sa isang layunin, upang magligtas ng buhay.” Iyon ang mismong dahilan kaya ginawa iyon ng Diyos, upang iligtas tayong mga Gentil. Ngunit ang mga Gentil ay nasa loob na ng palasyo. Hallelujah! Dahil tinanggihan ng Kanyang mga kapatid, si Joseph, kumuha Siya ng isang Nobya; at ang Nobyang iyon ay isang Gentil, hindi isang Judio. Hayan.

⁷⁴ Ngayon, saan na kayo patungo ngayon? Pagkatapos nating isuot ang maluwalhating katawan na ito, at ang dakilang kapanahunang darating; kapag ang niluwalhating katawan na ito, ang makalangit na katawan na ito ay ginawa nang isang niluwalhating katawan. Nakuha n'yo ba ang ibig kong sabihin ngayon? Kung gayon makalalapit na ako at makapagsasabi, “Kapatid na Neville!” Hayaang bigyan ko kayo ng kaunting paglalarawan. Sasabihin ko, “Kapatid na Humes, pumunta tayo kay Papa ngayong umaga.” Siya’y ang Diyos. Kilala na natin Siya ngayon, isa Siyang Tagapagligtas, isa Siyang Tagapagpagaling.

⁷⁵ Walang ganoong bagay na gaya ng paglikha ng kasalanan. Hindi maganda ang dating nun, di ba? Ang kasalanan ay hindi nilikha. Hindi, po! Ang kasalanan ay isang pagbabaluktot. May iisang Manlilikha lamang, iyon ay ang Diyos. Ang kasalanan ay katuwiran na binaluktot. Ano ba ang pangangalunya? Katuwiran na binaluktot. Ano ba ang kasinungalingan? Ang katotohanan na pinamalian. Tunay nga. Ano ba ang isang sumpang salita? Ito’y pagpapala ng Diyos na ginawang sumpang salita sa Diyos, sa halip na isang pagpapala. Ang kasalanan ay hindi nilalang. Ang kasalanan ay isang pagbabaluktot. Kaya, hindi kayang lumikha ni satanas ng kasalanan, binaluktot lamang niya ang nilikha ng Diyos. Talagang tama iyon. Ang kamatayan ay isang pagbabaluktot lamang ng buhay.

⁷⁶ Ngayo’y pansinin n’yo ito, pansinin ito. Pagkatapos ay lalapit ako, at sasabihin ko, “Kapatid na Humes, tayo na, ikaw at ako, at si Kapatid na Beeler at ang ilan sa mga kapatiran, pupunta tayo kay Papa, ang Diyos. At, ano kaya, maglakbay tayo nang kaunti. Kayong mga kalalakihan ay gustung-gusto ng mga kabundukan noong kayo . . .”

“Oo nga, talagang gustung-gusto namin noon.”

⁷⁷ “Oh, may ilang milyong milya ng mga iyon doon sa bagong mundo na iyon. Humayo pa doon, mamasyal sa mga iyon.”

⁷⁸ “Kailangan Kong . . .? . . . sa bawat araw na ang araw, ay sisikat. Diringgin Ko kayo. Habang nagsasalita pa lang sila, sasagutin Ko na.” Isaias 66. Siyanga.

⁷⁹ At alam ninyo, naglalakad-lakad ako roon, lahat tayo ay maglalakad-lakad doon ng mga limang daang taon lamang, isang munting paglalakbay lamang, isang milyon, walang anumang kaibahan, kita n’yo. At ngayon—ngayon para bang kabaliwan iyon, ngunit iyon ang katotohanan. Kita n’yo, iyon ang katotohanan, dahil doon ay wala nang oras, Walang Hanggan na. At kapag lumabas ako roon, maglalakad-lakad ako roon, at alam ba ninyo kung sino ang aking—aking—makikita ko roon? Sasabihin ko, “Buweno, kung hindi ba ’yan si Kapatid na Georgie Bruce! Aba, Kapatid na Georgie, matagal nang panahon mula noong makita kita.” Para bang sadyang gaya pa rin siya

ng dati. Kita n'yo? Maaaring sampung milyong taong gulang na siya, subalit kasing bata pa rin ng dati. Hinihimas niya ang batok ng isang naroon, at pagtingin ko doon, ang cheetah pala iyon, ang leon.

Sasabihin ko naman, “Kumusta ka ngayong umaga, cheetah?”

⁸⁰ “Meow,” parang isang kuting. “Oh, kagagaling ko roon na nakipag-usap sa ilang mga kapatirang babae sa palibot ng malalaking bulaklak sa dako roon, naroroon kami ng mga limang daang taon na, kita n'yo, tumitingin-tingin sa paligid.” Ngayon, tila ba kabaliwan iyon, ngunit iyon ang katotohanan. Talagang tama nga. Ganoon talaga ang gustong mangyari ng Diyos doon.

⁸¹ Buweno, pagpalain ang iyong puso, Kapatid na Georgie. Walang panganib na maaaring dumating, wala talaga. Sa gabi ay pupunta tayo sa ituktok ng bundok, at sasabihin, “O Papa, Diyos, minsan akong naligaw. Oh, minsan akong nasa karumihan ng kasalanan, Papa, Diyos, at iniligtas Mo po ako.”

⁸² Aba, ang mga tao na sinubukang ipaliwanag iyon ay nangabaliw. Buweno, 'yung tao na sumulat ng huling talata nung *O Love Of God*, na isinulat sa pader ng isang institusyon para sa mga baliw, na sinikap na ipahayag ang pag-ibig ng Diyos. Kung papaanong nagpakababa Siya upang iligtas ang mga makasalanan, at kung papaano nga Niya ginawa, ang pag-ibig Niya na bumaba upang iligtas ka at ako. Talaga namang ang pagsamba, walang alam ang mga Anghel tungkol dito! Ang pagsamba, ang alam lang ng Anghel... tumatayo Siya roon at ikinakampay ang Kanyang mga pakpak nang palikod at paharap, at pakabila, “Hallelujah! Hallelujah!” Ngunit, oh, habag! Pagdating na sa pagkaalam na minsan akong naligaw at ngayo'y nasumpungan na ako, namatay ako, nabuhay akong muli! O Diyos, dati akong kasalanan, dati akong karumihan, at naroroon ako noon sa isang basurahan!

⁸³ Ganito ang pinakamainam na maibibigay sa inyo ng buhay. Nakapunta na ba kayo rito sa tapunan ng Colgate? Iyon ang pinakamabahong lugar na napuntahan ko. Talagang nasusuka ako na malanghap ang usok na iyon. Naroroon sa lahat ng usok na iyon, sumasakit nang husto ang sikmura, talagang bumabaliktad na, pagkatapos uminom ng castor oil. Kita n'yo, talagang sukang-suka na! At patakbo-takbo ang mga daga sa iyo, sinusubukan kang kainin. At 'yun na ang pinakamainam noon sa buhay. At pagkatapos ay may umabot at hinango ka. At talagang matanda ka na at hindi mo na kaya sa sarili mo. At basta dinampot ka at ginawa kang isang kabataang lalaking may edad na labingwalo, iniluklok ka sa ituktok ng isang bundok, nasa kasibulan ng kalusugan, naku, mainam na simoy ng sariwang hangin gaya niyon, mainam na malamig na inuming

tubig. Gugustuhin mo pa bang bumalik sa basurahang iyon? Hinding-hindi, hiding-hindi, hiding-hindi, hiding-hindi na babalik pang muli sa basurahang iyon.

⁸⁴ Ngayon, ganoon ang ibig sabihin nun, kaibigan. Iyon ang pangitaing iyon, o pagkalipat, anuman, isang pangitain. Sasabihin kong pangitain, dahil nakangamba akong masaktan ang iba kapag sinabing pagkalipat, iyon nga iyon. Ngayon, doon ay kung kailan na ang Diyos . . . kung ano ang ginawa ng Diyos upang madala ang mga anak na lalaki't babae sa Kanya. Ngayon, sino ba ang mga taong ito? Papaano ba nila . . . Ano ang ginawa ng mga taong ito upang maging karapat-dapat rito? Papaano ba nila nagawa iyon? Ang Diyos, sa pasimula, bago pa man nalikha ang isang Anghel . . . Ilan ang nakakaalam na Siya'y walang katapusan? Kung hindi Siya ganoon, hindi sana Siya Diyos. Kaya, ang Diyos, sa Kanyang walang hanggang habag, nakita Niyang gagawin iyon ni Lucifer, kung ginawa Niya ito. Ilalagay Niya sila sa malayang pagpili, sa ganoong batayan. At naroon pa rin kayo, siyanga, ang puno ng tama at mali ay nakalagay sa harapan ng bawat isa sa atin, pumipili ka. At si Lucifer ang unang pumili ng maling landas. At nagsimula siyang manghikayat ng mga tagasunod sa kanya, makasarili, pinipilit na kunin lahat para sa kanyang sarili, pinipilit na daigin ang iba pa. At doon nagsimula iyon. Ngayon, pakinggan n'yo ito. Doon nag-umpisa ang kasalanan. Ang Diyos, sa Kanyang walang hanggang isipan, ay nakita na iyon, at nakita na ang tanging paraan . . .

⁸⁵ Ngayon, kayo na mga kapatid na trinitaryan, hindi ko gustong saktan kayo, subalit paanong sa Pangalan ng mabuting Salita ng Diyos na magawa ninyong ilagay si Jesus na isang hiwalay na persona mula sa Diyos Mismo? Kung magagawa ni Jesus na kumuha ng ibang tao at papuntahin at mamatay, upang tubusin ang taong ito rito, Siya ay magiging di-makatwirang persona. May iisang paraan lamang na magagawa iyon ng Diyos, iyon ay na Siya Mismo ang pumalit doon sa lugar na iyon! At nagkatawang-tao ang Diyos upang maranasan Niya ang mga sakit ng kamatayan, upang alisin ang tibo at ang kamatayan sa atin, upang tayo ay matubos Niya Mismo. Kaya nga Siya'y lubos na sasambahin. Si Jesus ay isang tao, tunay na Siya nga. Isa Siyang tao, t-a-o, na ipinanganak ng birheng Maria. Subalit ang Espiritu na nasa Kanya ay Diyos na di-masukat, sa Kanya nananahan ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Siya ay Jehovah-jireh, Siya ay Jehovah-rapha, Siya ay Jehovah-manasses, Siya si Jehovah; ang ating Kalasag, ang ating Pansalag, ang ating Tagapagpagaling; Siya ang Alpha, ang Omega, ang Pasimula at ang Wakas; Siya ang Una, ang Huli; Siya Noon, Siya Ngayon, at Ang Darating; ang Ugat at Supling ni David, ang Tala sa Umaga, aba, Siya ang Lahat-salahat. Sa Kanya nananahan ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman!

⁸⁶ At laging may tibo ang kamatayan, na tinitibo nito ang mga tao, “Ah,” sabi ng diablo, “nahuli na kita, dahil nakinig ka sa akin. Titibuhin kita, ihihimlay kita sa libingan. Walang maitutulong sa iyo ang dugo ng tupang iyan, dugo lang ’yan ng hayop.” Subalit ang Diyos, sa Kanyang karunungan, ay alam na na may darating na isang Kordero, na pinatay mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan. Siyanga, po. At sila . . . naghintay Siya para sa oras na iyon, para sa pagdating ng ganap na panahon.

⁸⁷ Ngunit isang araw noong dumating na ang Korderong ito, ang Taong ito, maging si satanas ay nadaya. Tumingin ito sa palibot Niya, sabi nito, “Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawin Mo nga *ito*. Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gumawa Ka nga ng himala at ipakita sa akin na gawin Mo iyon. Ipakita Mo sa akin na gawin Mo iyon. Uh-huh, pipiringan ko ng basahan ang Kanyang mukha, hahampasin Ka. Kung isa Ka ngang propeta, sabihin Mo sa amin kung sino ang humampas sa Iyo.” Hum! “Hindi ako, hindi ako naniniwala na Ikaw na nga ’yung Taong ’yon. Kung Ikaw nga, sabihin Mo sa amin nang diretsahan kung paanong Ikaw nga iyon.” Kita n’yo, pawang ganoon. “Oh, sabihin Mo sa amin na Ikaw nga iyon!” Hindi Niya ibinuka ang Kanyang bibig. Oh, oh, tinakpan Niya ang mga mata nito noon!

⁸⁸ Tumingin Siya doon sa alagad, at sabi, “Maaari Kong kausapin ang Aking Ama at padadalhan Niya Ako ng labindalawang pulutong ng mga Anghel, kung nanaisin Ko.” Hindi iyon narinig ni Pilato, alam n’yo.

⁸⁹ “Kung Ikaw nga! Kung Ikaw nga. Oh, hindi Siya iyon. Aba, tingnan n’yo nga Siya na nagdurugo. Hoy, pumunta ang ilan sa inyo na mga sundalo roon at duraan Siya sa mukha.” Dinuraan, kinutya Siya, binunot ang ilang mga hibla ng balbas sa Kanyang mukha. “Oh, hindi Siya! Hindi, hindi Siya iyon! Ibabaon ko ang panibo ko sa Kanya, naku. Ilalagay ko Siya roon. Nasa akin Ka na ngayon!”

⁹⁰ Noong huling sumigaw Siya ng, “Eli! Eli! Diyos Ko! Diyos Ko!” Iyon ay isang tao. “Bakit Mo Ako pinabayaan?”

⁹¹ Sa hardin ng Getsemani, lumisan ang pahid sa Kanya, alam n’yo, kinailangan Niyang mamatay bilang isang makasalanan. Namatay Siya bilang isang makasalanan, alam n’yo na iyon; hindi mga kasalananang Kanya, kundi ’yung sa akin at sa inyo. Doon pumasok ang pag-ibig na iyon, kung papaano Niya kinuha ang sa akin! Oh, hallelujah, kung papaano Niya kinuha ang sa akin!

⁹² At hayun Siya, hindi Niya maibuka ang Kanyang bibig. Sabi ng maninibo, “Alam mo, sa palagay ko’y pangkaraniwang tao lang iyon. Hindi Siya ipinanganak ng isang birhen, dahil naibaon ko ang panibo ko sa Kanya.”

⁹³ At heto na ito, itinusok ang panibo nito sa Kanya, ngunit iyon ay maling pagkakataon, naku! Natanggal pagkatapos

ang panibo nito. Hindi na ito makapanibo pa mula noon, naiwan na nito ang panibo nito roon. Bumangon sa ikatlong araw, at nagsabi, “Ako Yaong namatay, at nabuhay na muli, at nabubuhay magpakailanman, nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng hades.” Siyanga, po. Nabigo nitong makita kung Sino iyon. “At sapagkat Ako’y nabubuhay, ay mabubuhay rin naman kayo. Hindi pa nahahayag. . .”

⁹⁴ Isang araw, tatlo o apat na araw pagkaraan niyon, pagkatapos Niyang pumaitaas sa Ama, bumalik na, nang magkagayo’y sabi ng iba, “Oh, isa Siyang. . . Siya—isa marahil Siyang multo. Siya marahil ay para bang isang nakakatakot’yung Lalaking iyon. At tayo. . . Nakita n’yo Siya. Nakita n’yo ang pangitaing iyon.”

“Hindi, Siya nga talaga si Jesus.”

⁹⁵ Sabi ni Tomas, “Patingin muna ng Kanyang mga kamay at lahat na, sasabihin ko sa iyon kung ito nga.”

⁹⁶ Sabi Niya, “Narito Ako.” Sabi, “May isda ba kayo at tinapay riyon? Dalhan ninyo Ako ng tinapay.” At dinalhan nila Siya ng isang tinapay, at tumayo Siya roon at kinain iyon. Sabi, “Ngayon, ang isang espiritu ba’y kumakain na gaya Ko? May laman at buto ba ang isang espiritu gaya ng mayroon Ako?” Kita n’yo? Sabi Niya, “Ako nga Siya. Ako nga iyon.”

⁹⁷ At sabi ni Pablo, “Hindi pa ganap na nahahayag kung ano talaga ang uri ng katawan na tataglayin natin, ngunit alam nating magkakaroon tayo ng katawan na gaya ng sa Kanya.” Ano? Nagkaroon ba talaga Siya noon ng katawang iyon na theophany? Siyanga, po! Noong namatay Siya, sinabi ng Biblia na “Siya,” ay isang panghalip panao muli, “Siya ay nagpunta sa hades at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan.” Hallelujah! Paano Niya ginawa iyon? May mga pandama Siya ng pandamdang, may mga pandama Siya ng pakinig, may mga pandama Siya ng pananalita, nangaral Siya na taglay ang ganoon ding uri ng katawang kagaya ng sa mga naluwalhati na na nakita ko noong isang gabi. Nangaral Siya sa mga kaluluwa na nasa hades, na hindi nagsisi noong pagpapahinuhod sa panahon ni Noe.

⁹⁸ Ngunit nang bumangon Siya noong Pasko ng Pagkabuhay, hindi maaari na mabulok ang katawang iyon, ‘pagkat nauna nang nakita iyon ni David na propeta, “Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol, ni hindi Ko man titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan. Bukod dito’y tatahang tiwasay ang Aking katawan, sapagkat hindi Niya iiwan ang Aking kaluluwa sa sheol, ni hindi man Niya iiwan ang Aking Banal na makakita ng kabulukan.” At sa loob ng pitumpu’t dalawang oras bago mag-umpisang mabulok, ang theophany na iyon, ang katawan na iyon na nagpunta at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan, na hindi nagsipagsisi noong

pagpapahinuhod sa panahon ni Noe, ay bumangon na mag-uli, at ang may kamatayan ay nagbihis ng walang kamatayan, at tumayo Siya at kumain Siya, at sinabi Niya sa atin na isa Siyang Tao. Hallelujah!

⁹⁹ Ganoon natin Siya makikita, Kapatid na Evans. Sa panahong iyon Siya mauupo sa trono ni David. Hallelujah! Sa panahong iyon tayo maglalakad ng paakyat at pababa ngayon, maglalakbay ako kasama ninyo patawid ng mga kabundukan sa loob ng isang milyong taon, kita n'yo, ilang araw lang, ilang minuto lang, tatawid na tayo roon, mauupo tayo sa paligid sa dako roon.

¹⁰⁰ At kapag oras na para kumain, alam n'yo, bigla na lang, sabi ni Kapatid na babaeng Woods . . . Sabi ko, "Kapatid na babaeng Wood, buweno, saan ka ba nanggaling nitong buong panahon na ito? Hindi kita nakita sa loob ng . . . para bang sa akin ay labinlimang minuto."

"Oh, dalawang libong taon nang nakalipas 'yon, Kapatid na Branham."

¹⁰¹ "Uh-huh. Kumusta ang pakiramdam mo?" Oh, siyempre wala ka nang iba pang mararamdaman kundi mabuti.

¹⁰² "Aba, halikayo rito, mga kasama, may ipapakita ako sa inyong lahat, mga kapatid, mga ginigiliw kong kapatid. Heto ang isang bukal ng tubig na narito, ang pinakamainam na maiinom n'yo kailanman. At, oh, makakainom tayo ng isang talagang malamig. Aabutin ko roon at kukuha ng isang napakalaking kumpol na ubas, at mauupo tayong lahat doon at kakainin iyon." Hindi ba't napakaganda nun? Ganoon nga mismo ito. Sadyang ganoon nga ito.

¹⁰³ Papaano ba natin nakuha ito? Papaanong alam natin ito? Ang Diyos, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, ay itinalaga na tayo nang una pa! Sino? Yaong mga nasa Lupang pangako.

. . . tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo . . . ayon sa kanyang minagaling ng kaniyang kalooban,

Sa mga ikapupuri ng Kanyang kaluwalhatian . . .

Upang mapapurihan natin Siya na gaya ng sinabi Niya. Ganoon nga Siya, Diyos. Nais natin Siyang mapapurihan.

. . . ikapupuri ng kanyang kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa minamahal. Kay Cristo ay katanggap-tanggap tayo.

Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng dugo, na kapatawaran ng ating mga k-a-s-a-l-a-n-a-n . . .

104 Kailangan ko nang bumalik sa pagkukupkop, ngunit nais kong huminto muna tungkol dito sa “mga kasalanan” sandali. “Mga kasalanan,” napansin n’yo ba iyon? Alam n’yo bang hindi hinahatulan ng Diyos ang isang makasalanan sa paggawa niya ng kasalanan? Hinahatulan Niya ito sa pagiging isang makasalanan. Kung naninigarilyo ang isang makasalanan, hindi Niya ito hinahatulan dahil doon; isa naman talaga siyang makasalanan, ano’t ano man. Kita n’yo? Kita n’yo? Wala itong anumang mga kasalanan, wala ang isang makasalanan. Sadyang isang makasalanan lang siya, kita n’yo, wala siyang anumang mga kasalanan. Ngunit may kasalanan kayo, kayo na mga Cristiano. Pansinin n’yo rito na kinakausap niya ang Iglesya. Pinapanatili siyang matuwid. Kita n’yo? Kita n’yo? “Kapatawaran ng mga kasalanan,” m-g-a k-a-s-a-l-a-n-a-n. Nagkakasala tayo. Ngunit ang makasalanan ay sadyang isang makasalanan lang. Hindi siya pinapatawad ng Diyos.

105 Ngayon, sasabihin n’yo, “Buweno, pumunta siya rito at binaril ang isang tao. Anong gagawin mo tungkol dito?” Hindi ko na tungkulin iyon. Hindi ako isang taga-reporma, isa akong mangangaral. Ang batas na ang bahala roon, sila’y mga taga-reporma. Sila’y . . . “Buweno,” halimbawa, “nangalunya siya.” Iyon, iyon—batas na ang bahala roon. Iyon ay sa pagitan na niya at ng batas. Ako—ako—ako—hindi ako taga-reporma, hindi ko nirereporma ang mga tao. Gusto ko silang mapagbalik-loob. Isa akong mangangaral, kita n’yo, tungkulin ko ang madala siya sa Diyos. Kung nagkasala siya, siya na ang bahala roon, isa siyang makasalanan. Hinahatulan siya ng Diyos ayon sa mas mataas pang pamantayan. Makasalanan na siya umpisa pa lang, hinatulan na siya sa simula pa lang. Ni hindi pa nga siya nakarating sa first base, siya—siya—wala siya sa kahit saan. Umpisa pa lang ay makasalanan na siya. Wala siyang mga kasalanan, isa siyang makasalanan.

106 Hindi ka puwedeng lumabas at sasabihin, “Ang *ganito* kalawak ay gabi, at ang *ganito* kalawak ay hindi gabi.” Hindi, gabi lahat iyon, gabi lang lahat. Iyon ang sabi ng Diyos. Siyanga, sadyang isa lang siyang makasalanan, ganoon lang. “Ngayon, ginawa niya ang *ganito*, ang *ganito* kalawak ay gabi, *ito* ay totoong maliwanag na gabi rito mismo.” Alam ko, ngunit sadyang gabi pa rin itong lahat, ganoon lang. Kita n’yo?

107 Hindi ko maaaring sabihing, “Ang *ganito* kalawak ay liwanag dito mismo.” Hindi, sadyang liwanag itong lahat, kita n’yo, liwanag lang, hindi mo masasabi kung gaano kalawak. Kita n’yo? Ngunit kung isa siyang itim na batik *dito*, kung gayo’y may kadiliman rito.

108 Kaya ang “mga kasalanan,” m-g-a k-a-s-a-l-a-n-a-n, may kapatawaran tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang (ano?) Dugo, mahalagang Dugo.

... ayon sa mga kayamanan ng kaniyang . . .

109 Paano natin ito nalilimutan? Dahil ba sa karapat-dapat tayo, may ginawa tayo para mapatawad ang ating mga kasalanan? Ang Kanyang ano?

... biyaya;

110 Oh, naku! Wala akong anumang dala-dala sa aking mga bisig, Panginoon. Wala akong magagawa, wala akong anumang bagay na magagawa. Tingnan n'yo! Itinalaga Niya ako nang una pa, tinawag Niya ako, pinili Niya ako. Hindi ko Siya kailanman pinili. Pinili Niya ako, pinili Niya kayo, pinili Niya tayong lahat. Hindi natin Siya pinili. Ang sabi ni Jesus, "Hindi ninyo Ako pinili, pinili Ko kayo." Sabi Niya, "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na dalhin muna siya ng Aking Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin. At walang sinuman sa kanila ang napahamak, maliban sa anak ng kapahamakan, upang matupad ang—ang Kasulatan." Nakita n'yo na? Ang sabi, "Ngunit lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin."

111 Oh, napatagal na talaga ako, di ba? At hindi pa ako nakakaalis rito. Hindi pa nga ako nakakapagsimula rito. Magmamadali na ako, kailangan ko nang makapunta sa isang bagay rito kaagad mismo ngayon, at magmamadali na tayo. Kailangan ko nang balikan itong pagkukupkop sa ilang sandali. Oh, maaari bang pagpasensiyahan n'yo muna ako nang—nang ilang sandali pa? Talakayin na natin ito rito, ang ilan sa mga taong ito ay galing pa sa Georgia na naparito para lang ngayong gabi, pagpalain ang kanilang puso. Ngayon, kapatid na taga-Georgia, at Texas at kung taga-saan man kayo, pakinggan ninyo itong ika-5 talata. Magtagal muna tayo rito nang ilang minuto.

Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa—sa . . .

112 Ano ba ang ibig sabihin ng salitang "sa," ang salitang "sa"? Ibig sabihin nito na may bagay na papunta na tayo roon, sa. "Pupunta ako roon sa bukal. Pupunta ako roon sa upuan." Humes, nakuha mo ba 'yon? "Pupunta ako roon sa mesa."

Ngayon, Kanya tayong itinalaga nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng sa Kanyang Sariling kalooban,

113 Gaanong minagaling? Kaninong kaluguran iyon, kaninong kabutihan? Kanya Mismo. Minagaling ng Kanyang Sarili Mismong Kalooban!

114 Ngayon, ano ba ang "pagkukupkop"? Ngayon hayaang ipahayag ko na ito ngayon, hindi ko alam kung . . . Wala na akong oras para matapos ko ito, pero dadaanan ko na ito. Pagkatapos kung may katanungan, puwede ninyo akong tanungin maya-maya sa isang pagkakataon sa isang mensahe, anuman. Makinig. Ang pagkukupkop sa inyo ay hindi ang inyong kapanganakan.

Ang pagkukupkop sa inyo ay ang paglalagay sa inyo sa tamang posisyon. Noong ipinanganak kayong muli, Juan 1:17, sa palagay ko, kapag tayo ay ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, mga anak nga tayo ng Diyos. Subalit tayo ay itinalaga nang una pa. Ngayon narito ang sinisikap kong makarating sa inyo, para sa mga anak na ito ng huling panahon, nakita n'yo. Upang . . . Kita n'yo? Tayo ay itinalaga nang una pa tungo sa (sa) pagkukupkop.

¹¹⁵ Ngayon, ngayon heto na tayo. Ngayon, ito ang medyo nakakasakit sa mga Pentecostal. Sinasabi nila, “Naipanganak na akong muli! Purihin ang Panginoon, taglay ko na ang Banal na Espiritu!” Mabuti. Isa kang anak ng Diyos. Siyanga. Ngunit gayun pa man hindi iyon ang tinutukoy ko. Kita n'yo, itinalaga na kayo nang una pa sa pagkukupkop. Ang pagkukupkop, ito'y paglalagay sa tamang posisyon ng isang anak.

¹¹⁶ Masyado akong malapit diyan, dahil sabi sa akin ni Becky masyado raw akong napapalapit rito, hindi n'yo tuloy marinig diyan sa may likod. Ako ay . . .

¹¹⁷ Kita n'yo, ang isang anak. Ilan ba ang nakakaalam tungkol sa mga alituntunin ng pagkukupkop noon sa Lumang Tipan? Siyempre pa, tiningnan n'yo na. Isang anak ang isinilang. Sa palagay ko'y natalakay ko na iyon sa iba kong pangaral. Ano nga ba iyon, Gene, naaalala mo pa ba? Nasa isang teyp iyon. Oh, ano na nga ba iyon? Aking—aking—aking—natalakay ko na iyon. Oh, oo, alam ko na, *Pakinggan Ninyo Siya. Pakinggan Ninyo Siya*; ang pagkukupkop bilang mga anak.

¹¹⁸ Ngayon, sa Lumang Tipan, kapag ang isang—kapag ang isang anak ay isinilang sa isang pamilya, anak na siya noong maisilang siya, dahil ipinanganak siya ng kanyang mga magulang, isa siyang anak sa pamilya at tagapagmana sa lahat ng bagay. Ngayon, ngunit ang anak na ito ay pinalaki ng mga tagapagturo. Galacia, ika-5 kabanata, ika-17 hanggang sa ika-25 talata. Buweno. Pinalaki siya ng mga tagapagturo, mga tagapag-alaga, mga guro. Ngayon, halimbawa, kung may isinilang sa akin na anak, sabihin nang, isa akong ama at . . .

¹¹⁹ At iyon ang dahilan kaya sa King James, ilan ba ang napaisip na talagang nakakatawa ang nakasulat sa Salin ng King James, na sabi, “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming mansyon?” Isang bahay, maraming mansyon. Kita n'yo? Sa totoo lang, noong—noong panahon na isinalin ang Biblia para kay Haring James, ang isang *bahay* ay isang “nasasakupan.” “Sa *nasasakupan* ng Aking Ama ay maraming mansyon.” Hindi sa isang bahay, mga mansyon, kundi tinawag Siya na Ama ng nasasakupan na ito. Isinalin nila ito nang napaka-Biblikal, ganoon iyon sa Biblia.

¹²⁰ Kapag ang isang ama ay may napakalawak na libong sukot ng bukirin, o ng kung anong iba pa, meron siyang ilang mga tao na naninirahan sa dako *rito*. Meron siyang mga inupahang katulong na naninirahan sa dako *rito* para mag-alaga sa mga

tupa, may ilan siya sa dako *rito* na para mag-alaga naman sa mga baka, may ilan siya *rito* na umaakyat sa itaas na pastulan doon sa itaas na bahagi na sandaang milya ang layo, at may ilan siya *rito* mismo na nag-aalaga ng mga kambing, at may ilan siyang nag-aalaga ng mga mula at—at iba't iba pang mga bagay. Siya—sadyang may malawak siyang kaharian. At sumasakay siya sa kanyang munting asno at nag-iikot siya sa bawat isa at tinitingnan kung kumusta naman ba sila, ang pag-aahit sa tupa at lahat na nang ganoon. Wala siyang oras . . .

¹²¹ Hindi n'yo ako marinig kapag lumalayo ako mula diyan. Ako—ako—sisikapin kong manatili sa dako rito. Naririnig n'yo na ba ako nang maayos ngayon, dito? Masdan n'yo.

¹²² Naglalakbay siya, at umaalis, sinisikap na—na pangalagaan ang kanyang—kanyang—kanyang kaharian. Kaya ngayo'y nais niyang . . . Ang anak na iyon ay maging tagapagmana ng lahat na mayron siya. Isa siyang tagapagmana.

¹²³ At kapag isinilang tayo sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, mga tagapagmana tayo ng Langit, kasamang tagapagmana ni Jesus, dahil sa humalili Siya sa ating lugar. Siya ay naging tayo (kasalanan), upang tayo ay maging Siya (katuwiran). Kita n'yo? Siya ay naging ako upang ako nama'y maging Siya, kita n'yo, mga kasamang tagapagmana Niya. Buweno, ngayon tandaan n'yo 'yon, sa bawat isa sa inyo.

¹²⁴ Ngayon, tandaan, itinalaga na kayo nang una pa ng Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, na patutungo kayo Rito. Lahat ng nakakaunawa rito, itaas ang inyong kamay, kita n'yo. Ang Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay itinalaga na kayo nang una pa na makapunta sa Lupang pangako. Ano ba ang Lupang pangako para sa Cristiano ngayong panahon na ito? Itaas n'yo lang ang inyong kamay kung alam ninyo. “Ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo. At mangyayari na sa mga huling araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, sa inyong mga anak na lalaki at sa inyong mga anak na babae.” At sa Isaias 28:18, “Utos at utos, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti. Ingatan ninyo ang mabuti. Sapagkat sa mga utal na labi at ng ibang wika ay magsasalita Ako sa bayang ito. At ito ang kapahingahan, (ang—ang Kapahingahan) ang lupain ng sabbath na sinabi Kong dapat silang makapasok. At, sa lahat ng ito, ayaw nilang makinig, kundi umiling sila at lumakad na palayo, at ayaw nila Itong pakinggan.” Kita n'yo? Ganoon nga.

¹²⁵ Ano ba iyon? Sadyang kagaya nung mga tao na nagbuhat pa roon sa Canaan, o mula sa Egipto, na nagtuluy-tuloy dumaan hanggang sa ilang, at nakarating sa tabi mismo, na sapat na ang lapit para matikman ang mga ubas na nagmumula sa lupaing iyon. Kapatid, hayun, gusto ng mga taong iyon na huwag na akong tumuloy doon, 'yung sa Mga Hebreo 6. Papaano

ko magagawa iyon? Sila’y mga alanganing mananampalataya, hindi talaga sila tatawid kahit kailan! Hindi talaga sila makakatawid. Sinabi nga ni Jesus.

Sabi nila, “Kumain ang aming mga magulang ng manna sa ilang.”

¹²⁶ At sinabi ni Jesus, “Sila’y, bawat isa, nangamatay.” Iyon ay nahiwalay. Sila’y, bawat isa, nangamatay. Siyanga. Sabi, “Subalit Ako ang Tinapay ng Buhay na nagmula sa Diyos buhat sa Langit. Ang tao na kakain ng Tinapay na ito, hindi na siya kailanman mamamatay. Tama ’yon. Siyanga, po, may Walang Hanggang Buhay siya kung kakainin niya Ito, Ako ang Punongkahoy ng Buhay na iyon na buhat sa halamanan ng Eden.”

¹²⁷ Ngayon, kita n’yo, napakalapit na ng mga taong ito! Kita n’yo, kung napansin n’yo sa Mga Hebreo 6, hindi tayo babalik doon, ngunit sa Mga Hebreo 6, “Nakabahagi na ang mga taong ito minsan, nakalapit na nang husto, at nakalaspang na ng kaloob ng Kalangitan.” Naupo na sila, nakita na nila na nagawa ang mga pagpapagaling, nakita na nila ang mga tao na nasa kapangyarihan ng Diyos, nakita na nila ang mga buhay na binago, subalit ayaw nilang tanganan Ito. Hindi, po. Hindi, po. “At nakalaspang ng kapangyarihan ng panahong darating; at kung sisikapin nilang baguhin ang kanilang sarili muli tungo sa pagsisisi, yamang kanilang—na kanilang ipinapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Diyos, at inari ang Dugo ng tipan na nagpabanal sa kanila . . .”

¹²⁸ “Kabilang ako sa isang iglesya na naniniwala sa pagpapabanal.” Mainam iyon hangga’t nagpapatuloy ito, pero hindi ka gaanong makakalayo. Kita n’yo? Siyanga, po. Binanal sila ng ilang. Oo, ganoon nga. Nasa kanila ang—nasa kanila ang ahas na tanso at ang—ang dambanang tanso, at lahat na roon, pagpapabanal, subalit pumasok sila sa Palestina para sa kapahingahan. Hindi . . .

¹²⁹ Tumingin kayo sa Mga Hebreo 4, hindi ba’t sinabi niyang “panibagong Kapahingahan”? Nilikha ng Diyos ang ikapitong araw at binigyan sila ng kapahingahan sa ikapitong araw. Sa iba pang dako ay nangusap siya ng isang araw ng pahinga, “at sa araw na ito kay David.” Pagkatapos ay pinagkalooban Niya sila ng panibagong Kapahingahan, “Magsiparito kayo sa Akin kayong lahat na napapagal at nabibigatang lubha, bibigyan Ko kayo ng Kapahingahan.” Pumasok kayo sa Kapahingahang ito! Sapagkat tayo na mga nakapasok na sa Kapahingahang ito ay huminto na sa ating mga gawa gaya rin naman na huminto noon ang Diyos sa Kanyang mga gawa noong sabbath. Tunay nga. Hayan nga ang inyong sabbath, Kapahingahan. Hayan ang inyong tunay na Kapahingahan sa Lupang pangako na ito.

130 Ang Banal na Espiritu ay pangako sa mga tao. At bakit nila gugustuhing magkaroon ng mga edukadong magagaling na mangangaral na pababayaan silang mag-shorts at magpapatol ng buhok, at mag-lipstick, at mga lalaking nagsusugal at umiinom ng beer at nagkukuwento ng mga biro, at nagpapatuloy at kung anu-ano pa ang pinaggagagawa na ganoon, pagkatapos tatawagin ang kanilang sarili na mga miyembro ng iglesia? Aba, kukuha sila ng ganoon at tatanggihan ang pangunguna ng Banal na Espiritu! Aba, ang sabi ng Biblia ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim na naghihiwalay sa buto, at kumikilala rin ng mga pag-iisip ng puso. Oo, maging ng mga iniisip ng isipan!

131 At kung iniibig natin ang sanlibutan at ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa atin. “Marami ang tinawag, kakaunti ang pinili; sapagkat makipot ang pintuan at makitid ang daan na patungo sa Buhay, at kakaunti lang ang nakasusumpung niyon. Marami ang paririto sa Akin sa araw na iyon at mauupo sa Kaharian,” sabi ni Jesus, “kasama nina Abraham, Isaac at Jacob. Subalit ang mga anak ng kaharian ay palalayasin, at magsasabi, ‘Panginoon, hindi ba’t ginawa namin ito sa Iyong Pangalan? Hindi ba’t nangaral kami? Hindi ba’t kami’y naging si Doktor *Ganito-at-ganoon* at si Reberendo *Ganito-at-ganoon*?’ Hindi Ko kayo nakikilala. Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan, hindi Ko kayo nakikilala. Hindi lahat ng nagsasabi, ‘Panginoon, Panginoon,’ ay makakapasok. Kundi yaong gumagawa sa Kalooban ng Aking Amang nasa Langit, iyon ang makakapasok.”

132 Hayan nga, ang pagpasok dito sa Lupang pangako. Papaano ba tayo makakapasok dito? Itinalaga na tayo nang una pa rito. Ang Iglesia, sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos, ay itinalaga na (sa ano?) sa Kanyang ikapupuri, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, sa ikaluluwalhati, at pagsamba at pagluwalhati sa Diyos. Si Papa, na naroroon sa pasimula, mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan, walang anuman sa palibot Niya, ay nagnais ng isang bagay na sasamba, kaya nagtadhana at nagtalaga Siya nang una pa ng isang iglesia, at bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, at inilagay na ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, noong kanilang . . . pinatay na bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, upang sila ay mahayag sa Kanyang kaluwalhatian at sa Kanyang mga kapurihan sa wakas ng panahon, kapag nagtipon na ang lahat ng bagay sa isang Tao na iyon, na si Cristo Jesus. Whew! Luwalhati! Iyon na. Iyon ay sadyang . . . At iyon na nga roon mismo, kapatid kong lalaki, kapatid na babae. Huwag na huwag kayong aalis mula Roon.

133 Ang Diyos, sa Kanyang paghirang sa pamamagitan ng biyaya, ay tinawag kayo. Ang Diyos, sa Kanyang paghirang

sa pamamagitan ng biyaya, ay binanal kayo. Ang Diyos, sa Kanyang paghirang sa pamamagitan ng biyaya at ng Kanyang kapangyarihan, ay binautismuhan kayo at inilagay kayo sa lupaing ito ng Kapahingahan. Ang mga nakapasok na sa Kapahingahang ito ay natigil na sa kanilang pagkaligaw. Huminto na sila sa kanilang mga gawa na katulad ng huminto noon ang Diyos sa Kanyang mga gawa. Mayroon na silang kagalakan na hindi maipaliwanag, at puspos ng kaluwalhatian! Ang Punongkahoy ng Buhay ay namumukadkad sa kanila. Sila'y may pagtitiyaga, may magandang kalooban, kabutihan, pagtitiis na gawa ng pananampalataya, pananampalataya, kaamuan, kagandahang-loob, at iba pa. Namumukadkad ang Punongkahoy ng Buhay sa kanila dahil sa ang kanilang pag-asa ay nakaangkla kay Cristo Jesus, ang patotoo ng Banal na Espiritu na nagpapatotoo na may kaakibat na mga tanda at kababalaghan na sumusunod sa mga mananampalataya. "Lalaki ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya." Habang nagpapatuloy sila, pinagagaling nila ang mga maysakit, nagpapalayas sila ng mga demonyo, nagsasalita sila sa iba't ibang wika, nakakakita sila ng mga pangitain. Sila... At lumalakad silang kasama ng Diyos, nakikipag-usap sila sa Diyos. Walang diablong makatitinag sa kanila, sila'y matatag, naghihintay sa . . . ? . . . Nililimot ang mga bagay na nakaraan na, nagtutumulin sila sa hangganan ng dakilang pagkatawag na na kay Cristo Jesus. Hayan sila. Hayan nga sila. Iyan ang Iglesya na iyon.

134 Papaano ba sila nakarating doon? Hindi mo puwedeng sabihin, "Buweno, Panginoon, alam Mo, isang araw ay nagumpisa akong manigarilyo, at nahulog ako, pagkatapos ay naisip ko na ako'y . . ." Oh, hindi, hindi, hindi, hindi.

135 Pagtatalaga! Tinawag Niya tayo at noong sumunod tayo sa Kanya ay nang sinabi nating, "Diyos, mga naligaw kami at napahamak. Ni hindi namin inisip na iligtas ang aming sarili. Kami noon ay may kalikasan ng baboy, mga baboy na kami sa simula pa lang."

136 Pumunta ka sa isang kulungan ng mga baboy at tingnan mo ang isang matandang inang baboy, at sabihin, "Ngayon, tumingin ka rito, babae, may gusto akong sabihin sa iyo. Mali na uminom ka ng maruming tubig."

137 Sasabihin nito, "Oink-oink." Kita n'yo? Ngayon, ganoon lang ang mayroon kayo sa pagliligtas ninyo sa mismong sarili ninyo. Ganoon na nga mismo.

138 Sasabihin mo, "Binibini, hindi ka dapat magsuot ng mga ganyang damit, dapat magbihis ka nang maayos. Dapat *ganito* ang gawin mo. Hindi ka dapat magpunta sa . . . Hindi ka dapat makilahok dito sa mga paglalaro ng mga baraha. Hindi ka dapat

manigarilyo. Hindi mo dapat gawin ang *ganito*. Ginoo, hindi ka dapat magbitbit *niyan*.”

139 Sasabihin niya, “Oink-oink. Kasapi ako sa *Oink-oink*.” Uh-huh. “Oink,” ganoon lang ang alam nila. “Aba, para sabihin ko sa iyo kasing buti mo rin ako. Oink-oink!” Kita n’yo, tinatanggihan nila ang pangunguna ng Banal na Espiritu, sapagkat ang sabi ng Biblia kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala man lang sa inyo.

140 Ano ba ang nagpapaging kakaiba sa kanila? Kayo ay isang bansang banal. Anong ginawa ninyo? Lumabas na sa lupain na iyon. Nasa ibang Lupain na kayo. Papaano kayo nakarating doon? Iyon ang Lupang pangako. Anong uri ng pangako? “Mangyayari na sa mga huling araw, sabi ng Diyos, na Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.” Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Lupang pangako na ito. Amen. Mga kapatid na lalaki’t babae, hallelujah, na may taglay na malinis na puso, walang pagkainggit, walang pag-aalitan, walang ano pa man! Walang anumang sa akin kung maligaw ng landas ang isang kapatid, maging ano pa man ang ginagawa niya, hahanapin mo pa rin siya.

141 Hinanap ko noon ang isang kapatirang lalaki hindi pa katagalan, na naligaw ng landas. Isang bata pang lalaki ang nagsabi sa akin, sabi, “Pabayaang mo na ang tampalasan na ’yon. Hayaan mo na siya.”

142 Sabi ko, “Kung makarating man ako sa punto na wala na ang puso ko para sa kapatid ko, kung gayon ay panahon na para sa akin na pumunta sa altar, dahil nahulog na ako mula sa biyaya.” Sabi ko, “Pupunta ako hangga’t may hininga siya sa kanyang katawan, at aabutan ko siya saan man sa may hangganan.” Siyanga, po. At natagpuan ko siya, hallelujah, nadala siya pabalik. Siyanga, po. Naibalik na siya sa kawan na ligtas ngayon. Siyanga, po. Siguradong naligaw na sana siya ng landas.

143 Kanina noong makita ko ’yung kawawang munting babae na nakaupo roon, at tinawagan ako ng sheriff, ang sabi, “Aba, dapat nakasuot na siya ng straitjacket.” Sabi, “Talagang nagdedeliryo na siya, wala na siya sa kanyang katinuan.” Siya—siya, inilagay nila siya sa isang hotel. Dumating sila.

Sabi ko, “Ayos lang ’yon.”

144 Sabi, sabi ng sheriff, “Aba, Billy!” Kilala ko siya nang lubos, at kilala ko na siya mula pa noong bata pa ako. Sabi niya, “Kung may magagawa man ako para sa iyo.”

Sabi ko, “Ayos lang ’yon.”

Sabi, “Matutulungan mo ba siya?”

Sabi ko, “Hindi, pero kaya *Niya*.” Sabi ko, “Sandali lang.”

145 Kaya inilabas nila siya roon. At noong umalis siya kanina, na payapa na. Ano ba iyon? Nagpadala kami ng panalangin para sa kanya. Amen! Siya ay lubos . . .

146 Sabi nila, “Gusto mo bang magpakuha ng doktor?” Sabi sa kanyang asawa, “Gusto mo bang magpakuha ng doktor?”

147 Sabi, “Wala nang magagawa pa ang doktor para sa kanya.” At tama ’yon. Baliw na siya; wala nang magagawa pa ang doktor para sa kanya.

Sabi, “Ang tanging pag-asa na lang namin ay ang makapunta roon.”

At sabi niya, “Billy, hindi ko maunawaan iyon.”

Sabi ko, “Hindi ko inaasahan na mauunawaan mo, kita mo. Hindi ko inaasahan na mauunawaan mo.”

148 Ngunit, oh, naku, hindi ko rin naman iyon maunawaan! Hindi. Ngunit, kapatid, ang Diyos sa Langit. . . Nasa malayo ako noon, naroroon sa malayo isang beses, may Isa na humanap sa akin. Amen! Hindi dahil gusto kong lumapit, kundi, hindi, may Isa na humanap sa akin. Dahil bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, ay itinalaga na ng Diyos nang una pa, hallelujah, na magiging Kanya tayo, para sa Kanyang ikapupuri at ikaluluwalhati. Pakinggan n’yo! Yaong mga nang una pa’y Kanyang nakilala, ay Kanyang ano? Tinawag. Tama ba? Tinawag ka ba Niya? Oo! Bakit ka Niya tinawag? Kilala ka na Niya noong una pa. Yaong mga nang una pa’y Kanyang nakilala, ay Kanyang tinawag; ang mga tinawag Niya, ay inaring-ganap naman Niya. Tama ba? At ang mga inaring-ganap Niya, ay niluwalhati rin naman Niya! Amen! Iyon ang sabi ng Biblia. Ang mga nang una pa’y Kanyang nakilala, ay tinawag Niya. Bawat henerasyon! Ang mga tinawag Niya, ay Kanya nang niluwalhati. Ano? Hayaan ninyong basahin ko rito ang Kasulatan. Sige.

Na sila’y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng Sarili Niyang . . .

Sa mga ikapupuri ng Kanyang kaluwalhatian . . .

149 Oh, nauunawaan n’yo na ba ito? Sa mga ikapupuri ng Kanyang kaluwalhatian! Na makapananatili Siya roon sa Walang Hanggang mga kapanahunan na patuloy na iinog, at sisigaw ang Kanyang mga anak, “Abba, Ama! Abba, Ama!”

150 At sasabihin ng mga Anghel, “Ano ang sinasabi nila? Ano ang sinasabi nila?”

151 Napakagandang ipinakita sa alibughang anak. “Ako’y nawala.” “Ito ang aking anak. Siya’y nawala at ngayo’y nasumpungan na siya. Siya’y patay na, at muli siyang nabuhay. Kunin ninyo ang pinatabang guya, ang pinakamaayos na balabal, isang singsing at isuot iyon sa kanyang daliri. At tayo’y . . .” Kaya naman noong sama-samang umawit ang mga

tala sa umaga, ang mga anak ng Diyos ay nagsigawan sa tuwa, noong makita nila ang plano ng pagliligtas, na inilagay ng Diyos ang inyong pangalan sa Aklat bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan.

152 Ngayon sasabihin n'yo, "Parang ganoon ang paniniwala ni Calvin." Hindi ako naniniwala kay Calvin. Isang mamamatay-tao si Calvin. Pinatay ni Calvin ang isang tao dahil nagbabautismo iyon sa Pangalan ni Jesus. Isa siyang tampalasan, na siya nga mismo kailangan niyang magbalik-loob. Siyanga, po. Ngunit ang sinabi niya, tungkol sa ilan sa mga bagay na sinabi niya, ay tama. Huwag...ngunit ang kanyang...Ang ikinilos niya, isang tao na papatay ng isang tao para sa ganoon, grabe na iyon, makasalanan iyon. Buweno.

Na pinasagana niya sa atin. . .

153 Oh, sandali, hindi ko nakuha 'yung "pagkukupkop," nakuha ko ba? Ginagabi na ba ako? Tingnan natin ang sinasabi ng orasang ito rito, kung anong oras na natin. Sige. Basta—basta gumugol na lang tayo ng sampung minuto para sa kapakanan ng mga taong ito na nagmula pa sa napakalayo. Masdan n'yo. Masdan.

154 "Pagkukupkop," hayaang ipakita ko sa inyo ngayon kung bakit ito ginagawa. Isang ama ang may isang malawak na kaharian, naglilibot-libot siya sakay ng kabayo. Ngayon'y naisilang ang isang anak na lalaki sa kanya. Oh, napakasaya niya! (Iyon ang Diyos.) Kaya alam n'yo ba ang gagawin ng amang iyon? Hahanap siya ng pinakamahusay na tagapag-alaga, tagapagturo. Alam n'yo na kung ano ang isang tagapagturo, di ba? Iyon ay isang guro. Hahanap siya ng pinakamahusay na guro na mahahanap niya sa buong bansa. (At pagkatapos ay mag-uuwian na tayo, makinig.) At hahanap siya ng pinakamahusay na guro na mahahanap niya. Hindi siya basta na lang kukuha ng isang pasaway, gusto niyang maging isang tunay na lalaki ang kanyang anak.

155 Di ba't gusto n'yong ganoon ang inyong mga anak? Tiyak nga, ang pinakamainam na maibibigay n'yo sa kanila! Siyanga, po. Kaya kung naisip iyon ng isang taong natural, ano pa kaya sa palagay ninyo ang iniisip ng Diyos para sa Kanyang mga anak? Ang pinakamahusay na makukuha Niya.

156 Kaya, gusto niya ng isang tao na magiging tapat. Ngayon, hindi niya tao...gugustuhing sabihin ng isang tao, "Ngayon, tingnan mo, ako—ako... Junior, gawin mo lang kahit anong gusto mong gawin, mahal ko." "Oh, opo, ama, uh-huh, maayos naman siya, isa siyang mabuting bata." Para lang medyo mapuri siya at magkaroon siya ng maipagmamalaking bagay na nagawa. Hindi, hindi. Matatanggal sa trabaho ang taong iyon ngayon din mismo. Tiyak nga. Kailangan niya ng isang tao na magiging

matapat. Kung natututo 'yung bata, sasabihin sa kanya. Kung hindi, ay sasabihin sa kanya kung ano ang problema.

¹⁵⁷ At kung naisip iyon ng isang ama na makalupa . . . Hindi n'yo ba nanaisin na maging matapat sa inyo ang isang tao, na maging matapat ang guro tungkol sa inyong mga anak? Siyempre. Buweno, ano naman kaya sa palagay ninyo ang iniisip ng Diyos? At alam Niya; hindi natin alam, alam nga Niya. May hangganan tayo, hindi natin masasabi. Subalit wala Siyang katapusan at tunay na nakakaalam.

¹⁵⁸ Kaya, alam n'yo ba ang ginawa ng Ama? Hindi Niya sinabi, "Kukuha Ako ng isang papa para magbantay sa Aking mga anak." Hindi rin Niya sinabi, "Kukuha Ako ng isang—isang obispo." Hindi, hindi. Hindi Niya ginawa ang ganoon, dahil alam Niya na magiging mali ang papa, ganundin ang obispo. Kita n'yo? Hindi Niya kailanman sinabi, "Kukuha Ako ng isang pangkalahatang tagapangasiwa upang magbantay sa Aking mga iglesya." Hindi, hindi.

¹⁵⁹ Kinuha Niya ang Banal na Espiritu. Iyon ang Kanyang Tagapagturo, uh-huh, upang mangalaga sa Kanyang mga anak. Buweno. Kung gayon paano ninyo malalaman na alam nga iyon ng Banal na Espiritu? Nangungusap Siya sa pamamagitan ng mga labi ng tao. Paano mo malalaman kung gayon na Katotohanan nga ang sinasabi Niya? Kapag nakita ninyo ang Espiritu Santo na nangungusap sa isang labi na nagsasabi ng Katotohanan nang tumpak sa tuwina, na nagpropropesiya at nangyari iyon nang sadyang ganap, tulad ng sinabi ni Samuel, kung gayo'y malalaman ninyo na Katotohanan nga iyon. Matutupad iyon. Sapagkat sinabi ng Diyos, "Kung mangusap siya at ang sinabi niya ay hindi nangyari, huwag ninyo siyang dinggin, 'pagkat hindi Ako sumasa kanya. Subalit kung nangyari nga, buweno, kung gayo'y dinggin ninyo siya, 'pagkat Ako'y sumasa kanya." Kita n'yo? Hayan nga. Ganoon ang ginagawa Niya.

¹⁶⁰ Ngayon, pagkatapos ay pupunta Siya. Ngayon, ano sa palagay ninyo ang sasabihin ng Tagapagturo na iyon kung kailangan Niyang pumunta sa Ama? At sasabihin, "Ang Iyong—ang Iyong mga anak ay kumikilos nang grabe. Sinasabi Ko sa Iyo, ang anak Mong lalaki na iyon, siya, hum, isa siyang rebelde. Wala siyang kakayahan, hindi pa Ako nakakita ng ganoon na tao! Naku, alam Mo ba ang ginagawa niya? At 'yung anak Mong babae! Oh, whew, hindi Ko alam kung ano ang gagawin Mo sa kanya. Hmm. Buweno, alam Mo ba kung ano? Ang itsura niya ay para bang siya . . . Nakakolorete siya nang husto kagaya ng ibang mga babae roon. Filisteo. Opo, Ginoo, gusto niyang kumilos na kagaya nila."

"Ang anak Kong babae?"

161 “Oo, ang anak Mong babae.” Ganoon ang masasabi ng Espiritu Santo tungkol sa iglesya ngayon. Hindi kataka-kataka na hindi tayo magkaroon ng rebaybal. Kita n’yo? Ngayon, totoo ’yun.

“Paano naman ang anak Mong lalaki? Huh? Ganoon din.”

“Ano?”

162 “Buweno, alam Mo na lagi Mong sinasabi na ’yung mga tupa ay dapat magsama-samang manginain doon sa pastulan sa itaas sa Pagkaing iyon para sa mga tupa banda roon. Oo, alam Mo ba ang ginawa niya? Itinaboy niya sila doon sa bunton ng damo roon. Basta na lang dinala sila roon at itinambak silang lahat doon sa sapa na iyon, at hinayaan silang humimlay sa paligid ng bunton na iyon ng damo, na ang kinakain ay ’yung mga matanda nang mga willow, at nakakaawa sila na halos hindi na sila makaalis mula roon.” Iyon ’yung mga obispo, mga pastor na itinatangi ang Kapangyarihan niyaon. “Buweno, sinasabi Ko sa Iyo ang totoo, hindi pa Ako nakakita ng ganoon na nangangatog na mga tupa sa tanang buhay Ko.” Hindi Niya gusto ang ganoon. Hindi. “At alam Mo ba kung ano pa? ’Yung mga baka sa dako rito, alam Mo na Iyong—sinabihan Mo sila na manginain doon sa—doon sa mga halamang alfalfa roon, alam Mo, para patabain sila?”

“Oo.”

“Alam Mo ba ang ipinapakain niya sa kanila?”

“Hindi.”

163 “Mga ironweed na iyon. Oo. Pinasasali niya sila sa mga samahan at lahat na. Hindi Ka pa nakakita ng katulad nun sa buhay Mo. Hindi Ka pa nakakita ng ganoon sa buong buhay Mo. Alam Mo ba ang ginagawa niya? Nakikisama-sama roon na humihitit ng malaking sigarilyo, nakaliyad pa. Kasama niya ang kanyang maybahay, naka-shorts ito na gaya ng ginagawa ng mga Filisteo roon. Oo.” Ganoong uri ng mensahe ang tiyak na uuulat ng Espiritu Santo tungkol sa iglesya ngayon. Ngayon, ano ang palagay ninyo roon?

164 Iyon ay pagkukupkop. Ano ang Kanyang...ang ginawa Niya? Itinalaga Niya tayo nang una pa—tayo sa pagkukupkop. Ipinagkaloob Niya sa atin ang Banal na Espiritu; ngunit, sandali lang, pagkukupkop, iyon ang pinag-uusapan natin. Pagkukupkop!

165 “Buweno, alam Mo ba ang ginagawa niya? Napadaan ’yung obispo noong nakaraang araw, at nagsabi. Nagdaraos siya noon ng isang munting gawain doon na ukol sa pagpapagaling, at dumaan ang obispo. Isang lalaki, dumaan ang isang kapatid at nananalangin para sa mga maysakit. At sabi niya, ‘Itigil mo ’yan!’

““Oh, oh, oo, amang obispo, gagawin ko po iyon.’

“Huwag kang makipagtulungan.’

“Oh, hindi, hindi, amang obispo, talagang hindi nga po.’

¹⁶⁶ “At heto Ako’t sinabi sa kanya ang Katotohanan mula mismo sa Iyong Salita. Kita Mo, heto Iyon. Binasa Ko sa kanya ang Iyong mga kautusan kung ano ang gagawin mismo, at ayaw niyang makinig sa mga iyon. Sabi niya, ‘Oh, para iyon sa ibang kapanahunan, iba namang anak mula sa ibang panahon. Hindi ako ang tinutukoy nun.’” Hayan nga. Iyon, ngayon iyon ang Katotohanan, kaibigan. Ngayon hindi ba ninyo nakikita kung saan wala roon ang iglesya sa lugar nito, kung bakit wala tayong rebaybal, kung bakit wala tayong mga bagay na nagaganap? Dahil diyan.

¹⁶⁷ Sasabihin ni Josue, “Gad, gusto ko na ikaw ay . . . dito mismo ang iyong lugar ayon sa plano, dito ang lugar mo, dito mismo. Pumarito ka, Gad, at manatili ka rito. Benjamin, pumarito ka naman. At ngayon lahat kayo ay lumayo sa hangganan ng mga Filisteo.” At pagbalik ni Josue, heto silang lahat na naroon na sa mga Filisteo, nagdaraos ng malaki’t maingay na kasayahan, pasayaw-sayaw lang na ganoon, at ang lahat ng mga kababaihan naman ay panay ang paglalagay ng kolorete, at nagsasayaw-sayaw at nagpapakasaya. At nagkamot ng ulo si Josue, at nagsabi, “Paano na ngayon?” Iyon mismo ang nagaganap ngayon; hindi naman lahat, salamat sa Diyos, hindi naman lahat, pero napakarami. Buweno.

¹⁶⁸ Ngayon ano ang magaganap pagkatapos? Iyon ang nangyari. Hindi ba ninyo nakikinita ang Lalaking iyon, ang Espiritu Santo, ay namumula sa harapan ng Ama kapag kailangan Niyang sabihin ang ganoon? Oh, naku! “Ako—Ako—sinabi Ko na sa kanya, pero siya—siya—ayaw niyang makinig Rito. Sinabi Ko na sa kanya iyon, at ipinabasa Ko pa sa kanya mismo doon sa Aklat. Mayroon Akong—may pinapunta Akong butihing ministro at ipinakita sa kanya na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At alam Mo ba kung ano? Hinayaan niya ang isa sa kanila—hinayaan niyang pumunta sa dako rito ang isa doon sa mga matatandang pastol ng mga kambing at sabihin sa kanya na iyon ay para sa ibang kapanahunan. Kita n’yo? At napakabaho niya pagdating niya roon, na amoy-kambing nga, alam Mo na, mga sigarilyo, at alam Mo na, at iba pa, napakabaho niya pagdating niya rito. Kita Mo? Ngunit sinasabi Ko sa Iyo, ’yung pastol na iyon ng mga kambing ay may sapat na medalyang nakakabit sa kanya, dahil sa, sinasabi Ko sa Iyo, kung isusulat Mo ang pangalan niya sa pahayagan, kakailanganin (ang kanyang obituaryo) ay mangangailangan ng kalahating pahina para lang mailagay ang kanyang mga titulo. Opo, Ginoo, talagang gustung-gusto nila siya sa lalawigang iyon, ngunit, sinasabi Ko sa Iyo, talagang hindi siya marunong magpakain ng mga tupa. Iyon ang problema dito. Sadyang ayaw niyang makinig sa Akin,” sabi ng Espiritu Santo. “Sinikap Kong

sabihin sa kanya na Ikaw ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, subalit siya—sadyang ayaw niyang gawin iyon. Siya ang pinakaduwag na nakita Ko sa tanang buhay Ko. Oo. At ginawa pa naman siya ng iglesya na isang tagapamahala, isang obispo, at kung ano pa, nakikinig ang lahat ng mga tao sa kanya. At saka alam Mo kung ano pa? Kinukuha nila 'yung mga . . . may kung anong munting bagay sila roon na tinatawag nilang 'telebisyon.' Buksan mo lang ang bagay na 'yon nang paganood, at—at 'yung mga kababaihan ay mapapanood na at kung anu-ano ang pinaggagagawa, lahat na ng uri ng maiiksing bestida. At, alam Mo, marami sa Iyong mga anak na babae ay pat- . . .”

“Oh, hindi naman siguro!” Kita n'yo?

169 Sasabihin, “Oo, sila nga. Oo, ginagawa nila iyon. Hum. Nananawagan ang iba sa kanila para sa pagkakaroon ng rebaybal, Ama, gusto talaga iyon ng iba sa kanila. Ang iba sa kanila ay talagang lumalakad sa linya, ang iba sa kanila ay talagang tumatayong matapat sa Salitang iyon sa abot ng kanilang makakaya. 'Yung iba naman, hindi Ko alam ang gagawin, sila'y—nagkalat na sila roon. Alam Mo ba ang ginagawa ng iba? Pinagtatawanan sila, sinasabing, 'Mga grupo lang sila ng mga sira.'”

“Buweno, pinasasama talaga niyan ang damdamin Ko.”

170 Ngunit ngayo'y palitan naman natin ang larawan. Ngayon ang Ama, ang Kanyang anak na lalaki ay isang mabuting bata. Ang Kanyang Ama mismo—kasama mismo, narito ang isang Tagapagturo, ang Espiritu Santo. Saan mang direksyon ang Espiritu Santo, sabi Niya, “Lalakad Ako,” sabi ng Tagapagturo, “Ako'y . . .”

171 Sabi ng anak, “Lalakad po akong kasama Mo. Sasama po ako sa Iyo.”

“Oh, napakataas ng burol, anak.”

172 “Sasama po ako sa Iyo. May tiwala po ako sa Iyo. Kung magsimula man akong mapagod, Kanyang itataas ang aking kamay at hahawakan ako sa pagpapatuloy.”

“Ngunit may mga leon doon sa itaas ng burol!”

173 “Walang anuman basta naririyang Ka, walang diperensya 'yun ni kaunti man. Lumalakad naman po akong kasama Mo.”

“May panganib doon sa itaas, madulas ang mga bato.”

174 “Walang anuman sa akin, hangga't hawak-hawak Mo po ang kamay ko, lalakad akong kasama Mo. Lalakad akong kasama Mo.”

“Oh, alam mo ba kung ano? Ganyan dati ang ginagawa ng iyong Ama, kita mo. Mabuti 'yan. Siyanga, po.”

175 Umakyat na nga sa ituktok ng burol doon. “Oh,” sabi Niya, “alam Mo ba, Ama? Ang anak Mo ay sadyang nagmana sa pinagmanahan. Siya ay talaga ngang, kaparehong-kapareho Mo. Bawat Salita na sinasabi Mo, nagsasabi siya ng ‘amen’ Rito. Ako—pinabuksan Ko sa kanya ang Biblia noong isang araw, at sabi Nito, ‘Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.’ Alam Mo ba ang sabi niya? Humiyaw siya at itinaas ang mga kamay sa ere, at sabi, ‘Hallelujah! Amen!’ Oh! At alam Mo na sabi Nito rito, sa—sa Iyong Salita, alam Mo, kung saan sinabi Mo, ‘Ang mga gawa, ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya?’”

176 “Oo, naaalala Kong sinulatan Ko nga Niyon ang Aking anak na lalaki ng ganoon. Oo, naaalala Ko ngang isinulat Ko Iyon.”

177 “Oh, noong makita niya iyon, talagang humiyaw siya at tumalun-talon, sumigaw ng, ‘Hallelujah, Panginoon. Alisin Mo po ang lahat ng sanlibutan sa akin. Gawin Mo akong tulad Niyon!’ Siyanga po, Ginoo. At lahat na ng mga bagay na iyon na ginawa niya!”

178 “Oh,” sinabi iyon ng Ama, “Ako’y—masaya Ako para sa anak na iyon. Isang mabuting anak iyon. Mabuti. Bantayan Mo siya nang ilang taon pa, tingnan Mo kung paano siya—tingnan Mo kung paano siya huhusay, at kung paano siya uunlad.” Pagkaraan ng ilang panahon lumipas pa ang mga taon. “Kumusta naman siya?”

179 “Oh, naku, lumalago pa nga siya maging sa biyaya! Oh, naku! Talagang siya’y... Talagang kusa siyang nagpupursige. Sinasabi Ko sa Iyo, siya—siya’y talagang... Aba, dinadala niya’yung mga tupa, kaya niyang pangalagaan ang mga iyon nang sadyang—sadyang kagaya ng ginagawa Mo. Hindi niya sila kailanman bibigyan ng mga damong-dagat. Hindi niya sila kailanman bibigyan ng mga ironweed. Kapag lumapit sila, na nagsasabing ‘gusto naming umanib sa iglesia’; sinasabi niya, ‘Tumahimik kayo, hindi n’yo kailangan iyon! Hindi, po. Heto ang kailangan ninyo, “Magsisi kayo at magpabautismo, bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan. Tatanggapin ninyo ang kaloob na Banal na Espiritu.”’ Oo, Ginoo, iyon nga ang sabi niya.”

“Oh, talaga bang sinasabi niya iyon?”

“Opo, Ginoo, sinasabi nga niyang talaga.”

“Buweno, ganoon Ko ngang isinulat Iyon.”

“Sadyang ganoon niya Iyon sinasabi. Hum! Siyanga po, Ginoo.

180 “Sabi ng ilan sa mga ito, ‘Manatili kayo sa siyudad ng Jerusalem hanggang sa kayo’y mapuspos ng kapangyarihan mula sa Itaas. Kapag bumaba na sa inyo ang Banal na Espiritu, kayo’y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, sa Judea at sa

Samaria, at sa ibang hangganan ng lupa.' Noong nabasa niya iyon, sumigaw ng, 'Hallelujah, iyon ang kailangan n'yo!' Alam Mo ba ang ginagawa niya? Talagang dinadala niya sila roon hanggang sa makuha nila Iyon, ganoon lang, nananatiling kasama nila mismo.

¹⁸¹ "At kapag nagsimula silang magbangayan, sinasabi niya, 'Whoop, whoop, whoop, sandali lang, sandali lang. Ganyan ang kilos ng mga kambing, hindi ng mga tupa. Kita n'yo? Kita n'yo?' Oh, kung minsan medyo naiinis sila sa kanya, ngunit medyo tinatapik niya sila sa balikat nang kaunti, sasabihin, 'Sandali lang, sh-sh, sh-sh, sh. Walang problema.' Talagang alam niya kung papaano pamahalaan 'yung mga tupa. Siyanga po, Ginoo, sinasabi Ko sa Iyo.

¹⁸² "Alam Mo ba kung ano? Nakita ko si Arsobispo *Ganito-at-ganoon* na sinabihan siyang hindi siya 'maaaring pumunta sa bayan na ito at magdaos ng pagtitipon.' Ngunit, alam Mo, medyo pinangunahan Ko siya, sabi Ko, 'Pumunta ka pa rin.' Kita Mo? 'Alisin mo ang mga teyp na ito, at huwag mo nang ilalabas pa ang mga iyon.' Nagpunta pa rin kami! Pagtungo namin sa mga bayang ito rito, ang sabi, 'Buweno, hindi namin itata- . . .'

¹⁸³ "At alam Mo, pumunta roon ang diablo, sabi, 'Pustahan tayo mapipigilan ko siya sa pagpunta sa bayan na iyon.' Sabi Ko, 'Hindi mo iyon magagawa. Kung sasabihin Ko sa kanya na magpunta, pupunta siya. Sinasabi Ko sa iyo siguradong pupunta siya.' 'Hindi, hindi, hindi, hindi, hindi, sasabihin ko sa kanya. Paroroon ako at sasabihin, "Ngayon, lahat ng mga alagad ko, magtipun-tipon kayong lahat. Ayaw n'yong magkaroon ng kung anong kapanatikuhan na 'yan dito, ng lahat ng kung anong Makalangit na pagpapagaling na 'yan at 'yang kung anong mga bagay-bagay tungkol sa Banal na Espiritu. Lumipas na iyon kasama ng mga apostol mga taon na ang nagdaan. Alam n'yong wala namang halaga iyon, noon pa.'" Pinipilit silang bigyan ng mga lanta nang ironweed na iyon, lahat na nang ganoon. Kanilang . . .

¹⁸⁴ "Ngunit, alam Mo ba, nagpunta pa rin siya roon. Nagtuloy lang siya roon at nagsimulang maghagis ng mga alfalfa, mula sa . . . At alam Mo ba, 'yung mga tupa ay nag-umpisang kumain, tumataba na sila nang husto. Siyanga po, Ginoo. Habang nagdaraos sila ng mga pagpapagaling at mga pagtitipon at, alam Mo, marami sa kanila na mga bata pa ang nagpasimula na. Aba, nakita nila na kung may malaking bunton sila ng mga dayami na gaya nung alfalfa. Alam Mo ba ang ginawa nila rito? Napakasarap niyon hanggang sa tumakbo sila sa mga kapitbahay, sabi, 'Tikman n'yo Ito! Tikman n'yo Ito! Tikman n'yo Ito!' Kita Mo, ang kapaligiran doon ay para bang kalasa nito rito mismo. Heto Ito mismo. Heto nga Ito mismo, kita Mo. 'Magsisi lamang, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus, kita n'yo, tatanggapin ninyo ang Banal

na Espiritu. Ito ay para sa sinumang may ibig, hayaan siyang lumapit, hayaang lumapit siya rito upang makita kung ano ang sinabi ng Biblia.' Kita Mo? At sadyang nagkakasiyahan sila roon."

¹⁸⁵ "Oh, iyan ang anak Ko! Iyan ang binata Ko. Buweno, sa tingin Mo husto na kaya siya sa gulang?"

¹⁸⁶ "Oo. Tunay nga," sabi ng Espiritu Santo. "Binigyan Ko na siya ng mga pagsubok. Naku, sinubok Ko siya sa *ganitong* paraan, sinubok siya sa *ganoong* paraan. Iniratay Ko siya, nagkasakit, inilagay Ko na siya sa ibaba. Tinapakan Ko siya, hinayaan Ko ang diablo na gawin sa kanya ang lahat ng bagay na magagawa nito sa kanya, bumabangon pa rin siyang muli. Ganoon pa rin siya. Kita Mo, bumabangon na muli. Binigyan Ko na siya ng sakit. Ginawa Ko na ang *ganito*. Itinapon Ko pa siya sa ospital. Dinala Ko siya rito at ginawa Ko ang *ganito*, ginawa Ko ang *ganoon*. Ginawa Kong maging kontra sa kanya ang kanyang asawa, ginawa Kong maging kontra sa kanya ang kanyang mga kapitbahay, ginawa Kong maging kontra ang lahat na. Walang anumang naidulot iyon na kaibahan ni katiting man. Sabi, 'Bagaman ako'y patayin Niya, gayunpama'y magtitiwala ako sa Kanya.' Pinatay Ko ang pamilya niya. Kinuha Ko ang *ganito*, ginawa Ko ang *ganito*, ginawa Ko nang lahat ang *ganito*, ginawa Ko na ang *ganito*, *ganoon*, *iba pa*. Tumindig pa rin siya nang tuwid, 'Bagaman ako'y patayin Niya, gayunma'y paglilingkuran ko pa rin Siya! Siya'y sa akin!'"

¹⁸⁷ "Oh! Buweno, sa palagay ko'y dapat na Natin siyang tawagin sa isang dako sa isang maliit na natatanging dako at magsagawa na ng pagkukupkop."

¹⁸⁸ Ngayon, kapag ang ama, sa Lumang Tipan, ay nalaman na dumating na sa edad ang kanyang anak, at sinanay na tungo sa pagkukupkop. Tungo sa! Isinilang sila na anak, ngunit, gayong anak na sila noon. Ngunit gayunma'y hindi na sila magiging higit pa sa isang anak lang, isang ordinaryong anak lang, hanggang sa sila'y gumulang at maipakita kung ano sila. Kung gayon, tatawagin na niya ito pagka ganoon.

¹⁸⁹ Ngayon heto na tayo, iglesya. Handa na ba kayo? Medyo lumalalim na ang gabi ngayon, kagatin nga ninyong lahat ang inyong daliri, kurutin ang inyong kaluluwa, at hugutin ang inyong puso, sumandali lamang. Kita n'yo? Ngayo'y ilalagay na natin ang iglesya sa lugar. Ngayon kapag nakarating ang iglesya sa dakong iyon, sasabihin Niya, "Manases, dito ang lugar mo. Ephraim, dito ka."

¹⁹⁰ Pagkatapos ay dadalhin niya ito sa isang lugar, dadalhin ng ama, at iluluklok niya ito sa mataas na lugar na gaya nito, at magkakaroon siya ng seremonya, at paliligiran nilang lahat. At sabi niya, "Gusto kong malaman ng lahat na ito ang aking anak, at kinukupkop ko ang aking anak. At gusto kong malaman

ninuman, na magmula ngayon, na ang kanyang pangalan. . . Pinabihisan ko siya, nakasuot siya ng isang natatanging damit. At gusto kong malaman ninyo na ang pangalan niya ay kasing bisa ng aking pangalan sa anumang tseke. Siya ay anak ko, kinukupkop ko siya sa aking sambahayan, bagama't anak ko na siya buhat pa noong siya'y isilang. Mula pa noong matanggap niya ang Banal na Espiritu, ay anak Ko na siya. Ngunit ngayo'y ipinuposisyon ko na siya sa kapamahalaan. Ang patatalsikin niya ay maaalis, ang kukunin niya para magtrabaho ay matatanggap:

191 “At katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin ninyo sa punongkahoy na ito, kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘malipat ka,’ at huwag mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na ang sinabi ninyo ay matutupad, mapapasainyo ang sinabi ninyo.” Kita n’yo? Hayan nga; hayan nga. Kita n’yo? “Anak Ko siya.” Ilan ang nakakaalam na ang pagkukupkop, na ang. . . kinukupkop nila ang anak pagkatapos niyang mapatunayan na isa siyang. . . Ang lahat ng nakabasa na ng Biblia, paglalagay sa tamang posisyon ng anak.

192 Ngayon, ganoon din ang ginawa ng Diyos sa Kanyang Anak noong dinala Niya si Jesus sa itaas ng Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Isinama niya sina Pedro, Santiago at Juan doon sa itaas, iyon ay tatlong saksi sa lupa. Naroon sina Jesus, Moises at Elias, at ang Diyos, doon sa itaas ng bundok. Naroon silang nakatayo doon sa itaas ng bundok. At, bigla-bigla na lang, pagtingin nila, at si Jesus ay niluwalhati sa harapan nila. Tama ba? Ilan ang nakakaalam na Kasulatan nga iyon? Anong ginawa Niya? Kanyang—binihan Niya Siya ng balabal ng kawalang kamatayan. At sabi niya, “Ang Kanyang damit ay nagliliwanag na gaya ng araw.” Tama ba? At nililiman sila ng isang ulap. At sina Pedro at Juan at sila, ay nagpatirapa. At tumingin sila, at naroon nakatayo sina Moises at Elias, na nakikipag-usap sa Kanya. At matagal nang patay si Moises, at nakalibing sa isang libingan na walang nakakaalam sa loob ng walong daang taon. At si Elias naman ay sumakay sa isang karwahe paakyat sa Langit, limang daang taon bago iyon. Whew! Subalit naroon pa rin sila! Hayun sila't nakikipag-usap sa Kanya. Kita n’yo, dinala Niya sa itaas si Jesus upang makipagkita sa kanila, upang makita kung anong ibig sabihin ng lahat ng iyon, makita roon, ipakita sa Kanya ang mga bagay na ito. At nakikipag-usap sila sa Kanya, nagkaroon ng pakikipag-usap sa Kanya.

193 Pagkatapos pagkalingon na pagkalingon muli ni Pedro at tapos na ang pagluluwalhati noon kay Jesus, si Jesus na lang ang nakita nila, at isang Tinig ang nagmula sa ulap na iyon, at nagsabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, Siya ang inyong pakinggan! Ang Pangalan Niya ay kasing bisa na ng sa Akin ngayon. Siya ang inyong pakinggan!” Iyon na, kinukupkop na, o mga anak na inilagay na sa tamang posisyon.

194 Ngayon, doon sinisikap ng Diyos na ilagay ang iglesyang Pentecostal sa Aklat ng Efeso. Kita n'yo? Kayo ba, nauunawaan n'yo na ba? Kailangan na nating magtapos dahil masyado nang lumalalim ang gabi, kita n'yo, inaantok na ang mga bata. At gusto ko nang makarating dito sa talatang ito, pero hindi ko na iyon magagawa, hanggang sa—sa ika-13 talata, kita n'yo, ang huling bahagi, “tinatakan ng Banal na Espiritu ng pangako.” Tatalakayin natin iyon sa Linggo, kita n'yo. Masdan n'yo. Ngayon, kung papaano, kung ano ang nagpapasok sa atin, at kung papaano tayo pinananatili Nito.

195 Ngunit ngayon ang “ilagay sa lugar,” papaano ba kayo inilalagay? Una'y isinilang kayo ng Banal na Espiritu sa Kaharian. Ilan ang nakakaalam niyan? Hayan. Ang sumunod, kayo ay itinalaga nang una pa tungo sa ano? Pagkukupkop. Ano ba iyon? Itinalaga na kayo nang una pa tungo sa paglalagay sa lugar.

196 Oh, si Kapatid na babaeng Scott, yata sa palagay ko iyon, na nakaupo rito. Hindi ba't ikaw 'yung naparoon sa bahay ngayong araw? Isang katuruan ang kumakalat sa kung saang bahagi ng mundo, sa iba't ibang dako ng bansa, narinig ko na iyon, maraming beses na, na si Jesus daw ay naririto sa lupa, gumagala na nasa isang katawan, pumupunta raw Siya at gumagawa ng *ganito*. Kasinungalingan iyon! Ang Kanyang Espiritu Santo ay naririto, at sinisikap Niyang ilagay sa lugar ang Kanyang Iglesya, upang isaayos ang Kanyang Iglesya, ilagay ito sa Lupang pangako, upang makapasok sila . . . upang mapalayas ang lahat ng mga kalaban.

197 Hindi makukuha ni Manases ang kanyang lupain. Hindi ako maaaring magdaos ng gawaing ukol sa pagpapagaling samantalang ang kalahati ng . . . samantalang ang . . . pupunta ako roon at ipangangaral ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ang—at sinasabi ng mga kapatid na trinitaryan, “Oh, siya'y matandang Jesus Only.” At hindi ako maaaring makaparito at makapagdaos ng Makalangit na pagpapagaling samantalang ang kalahati naman sa kanila ay nagsasabi, “Ayos lang naman ang Makalangit na pagpapagaling,” at marami sa kanila ang nasisiyahan sa mga himala ng Panginoon at nagsasabi, “Buweno, naniniwala ako na propeta si Kapatid na Branham, ngunit para sabihin ko sa inyo. Hangga't nasa kanya ang Espiritu, at kumikilala siya, ay lingkod siya ng Panginoon. Ngunit bulok ang Turo niya, walang kabuluhan Iyon.” Sino naman ang nakarinig na ng ganoong kalokohan? Alinman sa ito'y sa Diyos o hindi ito sa Diyos. Siyanga. Alinman sa ang lahat nito'y sa Diyos o hindi talaga sa Diyos. Ganoon iyon. Pero papaano kayo magkakaroon? Ayaw manatili ni Manases sa kanyang lugar, ayaw manatili ni Ephraim sa kanyang lugar, ayaw manatili ni Gad sa kanyang lugar, ayaw manatili ni Benjamin sa kanyang lugar, silang lahat

ay lumalabas rito kasama ng mga Filisteo, at ang lahat ay nagkahalu-halo na. Papaano na tayo maipupuwesto? Subalit tayo ay naipanganak ng Banal na Espiritu, lahat tayo. Tama ba? Sa ano ba tayo ipinanganak? Itinalaga na nang una pa. . . Kung gayon pagkatapos na maisilang, itinalaga tayo tungo sa pagkukupkop, upang mailagay sa Katawan ni Cristo. Nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin?

¹⁹⁸ Ano ba ang Katawan ni Cristo? Ang iba ay mga apostol, ang iba ay mga propeta, ang iba ay mga guro, ang iba ay mga ebanghelistang, at ang iba ay mga pastor. Tama ba? Tinawag nga tayong maging ganoon. Ang iba'y may mga kaloob ng iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng wika, karunungan, kaalaman, mga himala, paggawa ng mga himala, lahat ng iba't ibang mga kaloob na ito. At ngayo'y ano naman ang ginawa nila? Medyo isinasagawa nila iyon nang kaunti. Ng ano? Basta na lang itong pakakawalan gaya ng hindi ko alam kung ano. Tatayo ang isa, magsasalita sa iba't ibang wika, at 'yung isa nama'y magpatuloy, sa pagsasalita, [Ginagaya ni Kapatid na Branham ang tunog ng kawalang kaayusan at kaguluhan—Pat.] ganon din. Mangangaral ang mangangaral, magtatawag sa altar, at may isang tatayo, magsasalita sa iba't ibang wika at “Hallelujah, luwalhati sa Diyos.” Kung ang—kung mangyaring magpatuloy ang mangangaral sa kanyang mensahe, dahil may pahid, kung gayo'y sasabihin ng mga tao, “talagang ang matandang backslider.” Kita n'yo, 'yun ay dahil sa hindi sila naturuan.

¹⁹⁹ Ang sabi ng Biblia ang espiritu ng mga propeta ay nakapasailalim sa propeta. Ang Diyos ay hindi may-akda ng kaguluhan. Kapag nakatayo ako rito, o ang isang ministro rito na nasa ilalim ng pahid ng Diyos. Kahit gaano mo pa kagustong magsalita sa iba't ibang wika, manahimik ka hanggang sa matapos ang Diyos dito. Pagkatapos kung magsasalita ka sa iba't ibang wika, hindi puwedeng kung ano lang na pag-uulit ng Kasulatan, dahil sinabi ng Diyos na huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit. Kundi isa itong mensahe na direkta sa isang tao. Tanungin n'yo ako nang minsan, ituro n'yo nga ang isang pagkakataon na ang Espiritu Santo kailanman, sa ilalim ng pagkilala, ay nagsabi sa isang tao, na inulit-ulit ang isang Kasulatan. Sinabi Nito sa kanila ang isang bagay na mali sa kanila at isang bagay na nagawa nila, at isang bagay na kailangan nilang gawin o bagay na kailangang mangyari, o parang ganoon. Tama ba?

²⁰⁰ Gayundin nga sa pagsasalita sa iba't ibang wika at sa pagpapaliwanag! Kung may isa sa iglesya na nagsasalita sa iba't ibang wika, at may ibang magpapaliwanag dito, hayaan itong sabihin ito. Hayaang tumindig si Kapatid na Neville at magsalita sa iba't ibang wika, at itong kapatid na lalaki rito ay magbigay ng kapaliwanagan, halimbawa, “Sabihin mo sa lalaking ito rito

na kahapon ay nagpunta siya rito at gumawa ng isang bagay na hindi niya dapat ginawa. Ngayo'y sinabi sa kanya ng doktor ngayong araw na ito na mayroon siyang kanser. Pumaroon siya't itama ang bagay na iyon, bumalik rito at maging matuwid sa Diyos."

Sasabihin nung tao, "Tunay nga, na iyon ang katotohanan." Kung gayon ay sumasa inyo ang Diyos.

²⁰¹ Subalit papaano natin iyon magagawa sa ganitong paraan? Kita n'yo? Ito lamang. . . [Ginagaya ni Kapatid na Branham ang tunog ng kawalang kaayusan at kaguluhan—Pat.] Basta kung anong ayos na lang, kahit anong paaran na lang, wala talagang paglalagay sa tamang lugar. Ngayon 'yun ay. . . Kita n'yo, ang mga taga-Efeso, ay sinisikap. . . Kita n'yo, hindi nila nakita iyon. Nakita na ninyo kung paano sila nabigo roon? Itinalaga tayo nang una pa tungo sa pagkukupkop ng mga anak! Ngayon ilan ang nakauunawa sa ibig kong sabihin, itaas ang inyong kamay. Pagkukupkop! Ipinanganak tayo sa Espiritu ng Diyos, tunay nga, tinanggap ang Banal na Espiritu, at tumawag, "Abba, Ama! Hallelujah! Luwalhati sa Diyos!" Tayo'y, siyanga, mga anak tayo, subalit wala naman tayong nararating. Hindi natin kayang hambalusin ang mga Filisteo.

²⁰² Tingnan n'yo si Billy Graham na nakatayo noon sa dako roon. At 'yung Mohammedan na nagsasabi, "Patunayan mo Ito."

²⁰³ Tingnan n'yo si Jack Coe na tumayo naman sa dako roon. At ang ateista na iyon, ang church of Christ na iyon na nakikipagkamay sa ateista na iyon doon, at nakikipagkamay. Naturingan pa namang Cristiano, at nakikipagkamay sa diablo na gaya ni Joe Lewis, at isang taong matigas sa kanyang malayang pananaw, at isinusumpa pa nga ang Diyos at ang sabi "wala namang ganung bagay na tulad ng Diyos, papaanuman, unang-una," at mga gayong bagay. At isang iglesya na tinatawag ang sarili nila na church of Christ, tapos nakikipagkamayan sa kanya, at pinapanigan pa laban kay Kapatid na Jack Coe. Papaano na tayo makagagawa ng anuman? At ang mga Pentecostal, marami sa kanila, ay laban sa kanya; gayong, bawat mangangaral sa lupain ay dapat sanang tumayo na kaagapay niya, at nagsabi sanang, "Diyos, isugo Mo ang Iyong Kapangyarihan." Kita n'yo, hayan nga tayo, kung saan hindi mailagay sa lugar.

²⁰⁴ Ayaw manatili ni Ephraim. Pupunta rito ang isa sa kanila, mapag-aalaman natin si Manases pupunta rito, sasabihin, "Oh, naku, binigyan ako ng Panginoon ng magandang taniman ng mais!" Pagkatapos ay heto naman sa dako rito, si Gad, sabi, "Buweno, ngayon, sandali lang. Dapat sana'y magtanim ako ng mga oat, pero kukuha na rin ako ng mais. Hallelujah!" Nakita n'yo? Wala kayong pakialam sa mais; kumuha kayo ng mga oat, kung mga oat ang bahagi ninyo para itanim. Hindi kayo dapat

mag-alaga ng mga tupa kung dapat mga baka ang aalagaan n'yo. Gusto ng Diyos na ilagay sa tamang posisyon ang iglesya. Ngunit gustong gawin ng bawat isa sa kanila ang iisang bagay. "Hallelujah!" At hindi mo sila puwedeng sabihan ng isa mang bagay tungkol dito. Hindi, hindi. Taglay pa rin nila ang mala-kambing na kalikasan na iyon, "Manuwag, manuwag, manuwag, manuwag, manuwag, manuwag, manuwag." Kita n'yo, hindi mo sila puwedeng sabihan. Siyanga. Ngayon, hindi ba't totoo 'yon? At hindi mo tuloy mailagay sa tamang posisyon ang iglesya. Kita n'yo?

205 Dapat sana'y naitalaga na ang iglesya tungo sa pagkukupkop ng mga anak, kung saan ang isang tao... maaaring kumuha ng isang tao ang Diyos at kupkupin siya sa pamilya, at bigyan siya ng bagay na kung ano man. Iyon, una, subukan ninyo iyon at tingnan kung tama nga ba ito. Sinabi ng Biblia na subukin ninyo ang espiritu. Kung nag-aangkin ang taong ito ng isang bagay, subukin n'yo ito at tingnan kung totoo nga. Kung tama nga iyon, magpatuloy kayo kasama nito. Saka n'yo sabihin, "Panginoon, padalhan Mo po kami ng iba pa." Magpatuloy lang, kita n'yo, basta magpatuloy lang hanggang sa ginagampanan na ng bawat isa ang sarili niyang posisyon. Kung gayo'y makikita ninyo ang iglesya ng Diyos na nag-uumpisa nang lumugar sa posisyon nito. Doon na aatras ang mga Filisteo. Titigil na ang pagsusuo ng shorts, hahaba nang pababa ang mga buhok, mahuhugasan na ang mga mukha; wala nang mga sigarilyo. Siyanga. Kapag nag-umpisa nang mapasa iglesya ang dakilang Kapangyarihan nito, kapag may isa na tayong nangyari na Ananias at Safira, at ilan sa mga ito. Siyanga, po. Makikita ninyo kapag ang banal na Iglesyang iyon ay tumayo nang sama-sama sa Kapangyarihan Niya, na ipinusisyon na bilang mga anak ng Diyos, kinupkop na sa sambahayan ng Diyos, makapangyarihang Iglesya na nakatayo roon sa kaluwalhatian nito. Oh, iyon ang babalikan Niya.

206 Nakita n'yo na kung gaano na tayong napalayo, mga kapatid? Ni hindi nga kayo magkasundo tungkol sa Kasulatan. At sinumang tao, sinumang tao na hindi makita ang bautismo sa tubig sa Biblia, na sa Pangalan ni Jesus Cristo, alinman sa isa siyang bulag o may problema siya sa isipan. Siyanga. At naroroon ang matinding labanan.

207 Ako'y—sasabihin ko sa sinumang tao na magdadala sa akin ng anumang Kasulatan kung saan ang sinuman ay nabautismuhan kailanman sa anumang ibang pangalan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa bagong iglesya. O, kung nabautismuhan siya sa anumang ibang paraan, kailangan siyang mabautismuhan muli sa Pangalan ni Jesus Cristo, para matanggap ang Banal na Espiritu. Lumapit kayo't ipakita sa akin. Walang ganoon. Walang ganoong utos. Noong sabihin doon ni Jesus, "Magsiyaon kayo, gawin ninyong mga alagad ang lahat

ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu.” Ang Ama, Anak, maging ang Banal na Espiritu, hindi pangalan ang alin man sa mga iyon, wala sa mga iyon. Tinupad ni Pedro, pagkaraan mismo ng sampung araw, sabi, “Magsisi kayo, at magpabautismo, bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.” At sa lahat ng dako sa Biblia.

²⁰⁸ At pagkatapos narito ang ilan na nabautismuhan sa dako roon, sa ibang kaparaanan, ni Juan, tungo sa pagsisisi lamang. Ang sabi ni Pablo, “Kailangan kayong mabautismuhang muli. Kailangan ninyong lumapit na muli.”

²⁰⁹ “Oh, pero nabautismuhan na kami ng isang dakilang banal na tao, si Juan. Binautismuhan niya si Jesus.”

²¹⁰ “Buweno, ito ang Ebanghelyo. Ito ang Espiritu ng Diyos na ipinahayag na iyan sa akin. Isa akong apostol ng Panginoon, at kung ang isang anghel man sa Langit ay dumating at mangaral ng anumang iba . . .”

²¹¹ Hayaan ninyong basahin ko iyon. Ang sabi ng Biblia, “Kung isang ang- . . .” Sinabi ni Pablo, “Kung magsabi ng iba pa ang isang anghel na mula sa Langit,” obispo, arsobispo, papa, tagapangasiwa, maging ano pa man siya, “kung mangaral siya ng anumang iba pa maliban Dito sa naipangaral ko na sa inyo, ay matakwil.” Walang . . . Sadyang wala tayong ganoong kaugalian. Wala, po. Kayo lang . . . Sadyang walang ganoong bagay. Kayo, tayo . . . At pagkatapos—pagkatapos, kita n’yo, bakit hindi iyon makita ng mga tao? Bakit ayaw ng mga tao—ayaw, ayaw nilang paniwalaan iyon? [Sinasabi ng isa sa kongregasyon, “Itinalaga na nang una pa”—Pat.] Kita n’yo? May isang tao na tumama roon, Gene. “Itinalaga na nang una pa,” eksakto. Bakit? “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay” (ano?) “lalapit sa Akin.” Talagang eksakto! “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit, ay magsisilapit sa Akin.” Anong nangyayari sa akin, ang sinisikap kong hanapin rito? Heto na tayo. Buweno.

²¹² Hayaan n’yong basahin ko lang ang talatang ito at saka ko sasabihin sa inyo ang kay Pablo, ang mga bagay na . . . Ang mismong Mensahe na ipinangaral ko ngayong gabi, narito ang sinabi ni Pablo tungkol sa pagtatalaga, tungkol sa bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus, ang bautismo ng Banal na Espiritu, ang pagsasaayos sa iglesia, at iba pa. Narito ang sabi niya.

Ako’y namamangha (sinasabi sa mga taga-Galacia na ito) na kay dali ninyong lumipat buhat sa tumawag sa inyo sa . . . biyaya ni Cristo . . .

Lubos ko kayong ikinahihiya, sa ibang salita, na hinayaan ninyong may makapasok na isa at ibinaling kayo palayo mula Roon, *tungo sa ibang evangelio:*

Na ito’y hindi ibang evangelio; kundi mayroong ilan na sa inyo’y nagsisiligalig, at nangagibig na pigilan ang

evangelio ni Cristo, pigilan ang tunay na Evangelio ni Cristo.

²¹³ Ngunit masdan n'yo. Ngayon, alalahanin n'yo, si Pablo ang pumilit sa bawat tao na hindi pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, na lumapit at mabautismuhan muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ilan ang nakakaalam na totoo nga 'yon? Ilan ang nakakaalam na si Pablo ang may sabi na naitago ang mga lihim na ito mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan, at ipinahayag na sa kanya, na mga itinalaga tayo nang una pa upang maging mga anak, at, tungo sa pagkukupkop. Si Pablo iyon. Tingnan n'yo rito ang sinabi niya.

Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakawil.

²¹⁴ Huwag lang basta sabihin, "Hindi ako sumasang-ayon sa iyo, ginoo." Basta hayaan siyang matakawil. Hayaan n'yong basahin ko ang kasunod na talata.

Ayon sa aming sinabi nang una, ay muling gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba kay sa atin nang tinanggap, ay matakawil.

²¹⁵ Siyanga. Ngayon, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung ang Diyos nga iyon noong isang araw, at aking—sinasabi ko na umaasang hindi naman kawalang paggalang, na dinala ako upang makita itong munting. . . Ngayon, nananabik ako; palagay ko'y hindi naman ako nananabik, napagpapala lang ako sa pangangaral. Nawawala ako sa sarili at pinananatili ko kayo hanggang sa alam kong inaantok na kayo at pagod na. Ngunit, oh, ako. . . Kung inyong—kung alam n'yo lang kung gaano ko kagustong maparoon kayo! Kita n'yo? At kapag ako, kapag sinabi ko na naman ito, kapag aking. . . noong sinabi Niya. . . sabi ko, "Magagawa nitong. . ."

Sabi Niya, "Gusto mo bang makita kung ano ang wakas?"

²¹⁶ At lumingon ako't nakita ang aking sarili na nakahiga roon sa highaan. Tiyak na kilalang-kilala n'yo na ako nang matagal para malaman na—na—na sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan. May gusto akong itanong sa inyo, katulad ng sinabi noon ni Samuel bago nila pinahiran si Saul, may sinabi na ba akong anumang bagay sa inyo sa Pangalan ng Panginoon kundi pawang katotohanan lang? Tama ba? Noon pa ma'y katotohanan na. Humingi na ba ako sa inyo ng salapi o anumang tulad niyon? Hindi, kita n'yo, hindi ko kailanman iyon ginawa. May ginawa na ba akong anuman kundi sinikap ang buong makakaya ko upang pangunahan kayo kay Cristo? Mismo.

²¹⁷ Ngayo'y gusto nilang sabihin na isa raw akong mental telepathist, alam n'yo na, isang may kapangyarihang bumasa ng isipan. Tunay nga, na maglilitawan talaga ang mga ganoong

bagay, sinabi ng Biblia na maglilitawan nga sila. Kung paanong sumalungat sina Jambres at Janes kay Moises, gumawa sila ng halos kaparehong bagay na ginawa ni Moises, hanggang sa nagkaroon na ng paghaharap. Siyanga. Ngunit tandaan n'yo, sina Jambres at Janes ay hindi kayang magpagaling. Hindi nila kayang magpagaling. Kaya nilang makapagdala ng mga salot, ngunit hindi kayang alisin ang mga iyon. Kita n'yo? Hayan. Ngayon, ang Diyos ang Tagapagpagaling. Nananatiling Katotohanan ang Salita ng Diyos.

218 Sinikap kong maging matapat sa inyo. Sinikap kong sabihin sa inyo ang Katotohanan. Aking—aking. . . sa loob ng mga tatlumpu't isang taon, tumayo ako sa pulpitong ito, nang pabalik-balik, sa loob ng tatlumpu't isang taon, at balang araw ay maaaring lumisan na upang pumaroon sa Kaluwalhatian liban sa pulpitong ito. May asawa, isang anak na babae, ama, kapatid na lalaki, na nakalibing lahat doon banda sa kabila, mahal na mga kaibigan. Minasdan ko ang mga kabaong nila at ang mga bulaklak na inilapag dito. At alam na balang araw na ang sa akin, din naman. Ngayon, totoo 'yon. Ngunit may pagtatapat, mula sa buong puso ko, sinasabi ko sa inyo nang buong puso ko, naniniwala akong ipinangaral ko sa inyo ang tunay na Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo. Naniniwala akong dapat kayong mabautismuhan, ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. At kapag nagawa n'yo, magdudulot iyon sa inyo ng isang kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis, pananampalataya.

219 At noong isang araw, kung ano ang nangyari sa akin noong araw na iyon, ay hindi ko alam. Hindi ko pa masabi kung narito nga ako sa katawan ko at nakakita lang ng pangitain, o kung ako ba ay dinala mula rito, papunta roon. Hindi ko alam, hindi ko masabi. Ang alam ko lang, na ako—na natatakot akong mamatay noon pa, diyan sa maliit na lugar ng tibo. Ngunit hindi natatakot na hindi ako kukunin ni Jesus, ha, hindi naman ako takot doon, dahil ako—hindi ako natatakot sa ganoon; kundi kung makikita ko kayo at maging isang munting manipis na ulap lang na lumulutang doon sa hangin. Ngunit nakikita ko na ngayon. Noong makita ko ang mga taong iyon, totoo sila. At sila'y mga taong nakasama ko noon minsan dito sa lupa, maging sa una kong asawa. Hindi ko na siya asawa, siya'y kapatid ko na. Hindi niya ako tinawag na asawa niya, tinawag niya akong kanyang ginigiliw na kapatid. Wala na roong pagtatalik, walang ganoong uri ng pakiramdam, hindi na maaari; 'yun ay sakdal, iyon ay kaluguran, iyon ay kasakdalan.

Iniiisip ko, hindi ko alam, iniisip ko: Iyon kaya ang nakita niya, bago siya lumisan sa lupa, noong naroon siya sa ospital, nang tawagin ko siya? At sabi niya, "Billy, naipangaral mo na iyon, naikuwento mo na ang tungkol doon, ngunit," sabi niya,

“hindi mo alam kung ano iyon.” Sabi niya, “Wala na akong hangad na manatili pa.”

²²⁰ Iniisip ko kung 'yun na nga kaya iyon, sa maka-Diyos, banal na matandang lalaki na si F. F. Bosworth, na tumayo sa pulpitong ito, na nangaral kasama ko sa paglibot sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Ang matandang F. F. Bosworth, lahat kayo, halos, ay kilala siya; maka-Diyos, banal na matandang lalaki. Dalawang oras bago pa, buweno, mga isang linggo o dalawa bago siya lumisan, pinuntahan ko siya at naroon siyang nakahiga roon, nasa mga, halos siyamnapung taong gulang. Iniabot ang maliliit niyang bisig, ang kanyang munting kalbong ulo at ang puting balbas na iyon sa kanyang mukha. Inakap ko ang matandang lalaking iyon at sumigaw ako, “Ama ko, ama ko, ang mga karo ng Israel at ang mga mangangabayo niyon.”

Sapagkat kung may isa mang tao na kumatawan sa Pentecost at isang tunay na apostol, iyon ay si F. F. Bosworth, malinis, matuwid, tunay na Ebanghelyo, kita n'yo, iyon ay si Bosworth. At noong tanganan ko siya sa aking mga bisig, at sumigaw ako, “Ama ko, ama ko, ang mga karo ng Israel at ang mga mangangabayo niyon.”

²²¹ Sabi niya, “Anak, manatili ka sa larangan.” Sabi, “Unahan mo ang iba rito sa mga bata pa sa larangan sa ibang bansa, kung magagawa mo, bago sila magkaroon ng labis na kapanatikuhan doon. Dalhin mo sa mga iyon ang tunay na Ebanghelyo na mayroon ka, anak.” Sabi niya, “Hindi pa nag-uumpisa ang ministeryo mo sa kung anong kahihinatnan nito.” Sabi, “Ikaw ay isang bagong-bagong Branham.” Sabi, “Bata ka pa, anak.”

Sabi ko, “Kapatid na Bosworth, apatnapu't walong taong gulang na ako.”

²²² Sabi niya, “Hindi ka pa nga nag-uumpisa.” Sabi niya, “Huwag mong hayaan itong mga baguhan pang mga mangangaral na Pentecostal na pumunta roon na may dalang napakaraming walang kabuluhan, at lasunin ang bagay na iyon, at tipunin ang lahat ng—ng mga embahador at ang buong bansa laban Dito bago ka makarating doon.” Sabi, “Magpatuloy ka, Kapatid na Branham, magpatuloy ka sa Ebanghelyo na mayroon ka.” Sabi niya, “Ako—naniniwala ako na ikaw ay isang apostol, o isang propeta ng Panginoon nating Diyos.”

²²³ Tiningnan ko siya, niyakap ko siya sa aking mga bisig. Sabi ko, “Kapatid na Bosworth, gusto kitang tanungin. Ano ang pinakamasayang panahon ng iyong . . . sandali ng iyong . . . sa lahat ng mga taon na nangaral ka?”

Sabi niya, “Ngayon mismo, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Alam mo bang mamamatay ka na?”

Sabi niya, “Hindi ako puwedeng mamatay.”

Sabi ko, “Ano’ng...Bakit mo sasabihing ito ang pinakamasayang panahon mo?”

²²⁴ May isang maliit na pintuan. Sabi niya, “Nakahiga ako rito na nakatuon ang aking mukha sa pintuang iyon. Anumang minuto, ang Isang iyon na aking iniibig, at ang Isang iyon na para sa Kanya’y nangaral ako at nanindigan, sa buong... buhay ko, darating Siya sa pintuang iyon para sa akin, at sasama na ako sa Kanya.” Tiningnan ko siya, naisip ko, ako—nakatangin ako kung paano na parang nakatingin rin ako kay Abraham, Isaac, o Jacob.

²²⁵ Hinawakan ko ang kanyang kamay, sabi ko, “Kapatid na Bosworth, naniniwala tayo pareho sa iisang Diyos, naniniwala tayo sa iisang bagay. Sa biyaya ng Diyos ay mangangaral ako hanggang sa lisanin ng huling hininga ang katawan ko. Mananatili akong matapat sa Diyos nang buong makakaya ko. Hindi ako makikipagkompromiso sa Ebanghelyo sa alinmang panig o alinmang lugar. Mananatili akong tapat nang buong makakaya ko. Kapatid na Bosworth, magkikita tayo sa isang mas mainam na Lupain kung saan hindi ka na magiging bata... o hindi na magiging matanda pa, kundi kabataan na.”

²²⁶ Sabi niya, “Paroroon ka, Kapatid na Branham, huwag kang mag-alala.”

²²⁷ At isang oras bago pa, dalawang oras bago siya mamatay... pagkaraan ng mga dalawang buwan noon, akala ko mamamatay na siya noon, pumunta ang asawa ko at dinalaw siya (lagi niya itong inaalala), at pagkatapos ay si Gng. Bosworth. At mga dalawang oras na siyang nakahiga, natutulog. Nagising siya, tumingin siya, saka siya biglang bumangon sa kanyang higaan. Sabi niya, “Inay, aba, hindi kita nakita ng maraming taon! Itay! Kapatid na Jim, aba,” sabi, “tingnan nga natin, isa ka sa mga naakay ko noon sa Panginoon, doon sa Joliet, Illinois.” Limampung taon na itong patay. Kita n’yo? Oo! Sabi niya, “Ikaw si Kapatid na babaeng *Ganito-at-ganoon*. Oo, naakay kita noon sa Panginoon doon—doon sa pagtitipon sa Winnipeg. Oo. Aba, heto naman si Kapatid na babaeng *Ganito-at-ganoon*. Hindi na kita nakita... Oo, kita mo, lumapit ka sa Panginoon sa *ganito-at-ganoon*.” At sa loob ng tuluy-tuloy na dalawang oras ay nakipagkamay siya sa mga naakay niya sa Panginoon. Lumakad pabalik doon sa kanyang lugar, at humiga, pinagkrus ang kanyang mga kamay, at iyon na. Nakapasok kaya si Kapatid na F. F. Bosworth doon sa Lupaing iyon na ipinakita sa akin ni Jesus noong isang gabi? Kung iyon nga, naroroon na siya na isang kabataan na ngayong gabi. Papagpahingahin nawa ng Diyos ang kanyang kaluluwa. At mamuhay nawa ako nang lubos na matapat upang makapasok ako sa Lupaing iyon. At ako nawa ay maging napakatapat na isang—isang lingkod kay Cristo!

228 Ikinahihiya ko ang aking buhay. Nahihiya ako. Ako—ako—ako . . . Kung nagkasala ako sa harapan ninyo na mga tao, kayo—obligasyon n’yo iyon sa akin na lumapit at sabihin sa akin. Kita n’yo? Sinisikap kong mamuhay nang matuwid sa lahat ng bagay na ipinapagawa sa akin ng Diyos sa Kanyang biyaya. Kita n’yo? Kita n’yo? Ngunit, tingnan n’yo, mga kaibigan, obligasyon n’yo iyon sa akin kung may alam kayong anuman na mali sa aking buhay, lumapit kayo’t sabihin n’yo sa akin na ganoon nga. At, tingnan n’yo, obligasyon ko naman sa inyo na tumayo rito at ipangaral sa inyo ang tunay na Ebanghelyo. Obligado ako sa inyo, dahil inaasahan kong makita ang bawat isa sa inyong mga mukha, kabataang mga lalaki’t babae, doon lang sa kabila ng harang na iyon doon. Isang hininga lang ang pagitan ng kung nasaan kayo ngayon at ng doon. Ngayon, siyanga. Naroon nga iyon.

229 At nawa ang Diyos ng lahat ng biyaya, ang Diyos ng Langit, hindi bilang pagwawalang-galang, kundi may paggalang, si “Papa,” sa dakilang araw na iyon kapag ipakikilala na tayo pabalik rito at magkakaroon muli ng ating mga makalupang katawan, para makakainom tayo, at makakakin ng ubas at ng bunga ng lupain. “Magtatayo sila ng mga bahay at hindi iba ang tatahan. Magtatanim sila ng mga ubasan at hindi iba ang kakain doon.” Kita n’yo? Nagtatanim ang isang tao ng isang ubasan, mapupunta iyon sa kanyang anak, at pagkatapos ay mapupunta iyon sa anak nito, at nito. Subalit hindi sa pagkakataong ito; itatanim niya iyon at mananatili siya roon. Kita n’yo, siyanga. Mananatili tayo roon magpakailanman. At nawa, sa Lupain na iyon, makita ko nawa ang bawat isa sa inyo.


230 At alam kong nangungusap ako rito maging sa mga ministrong trinitaryan. At, mga kapatid ko, hindi ko sinasabi ito—hindi ko sinasabi ito upang makapanakit. Trinitaryan din naman ako, naniniwala ako sa pagka-trinidad, sa tatlong katangian ng Diyos (Ama, Anak, at Banal na Espiritu), ngunit hindi tatlong Diyos. Kita n’yo? Naniniwala akong may tatlong katangian, walang alinlangan, pinaniniwalaan ko iyon nang buong puso ko, “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” subalit hindi sila tatlong Diyos. Ang mga iyon ay tatlong katangi-. . .o ang tatlong opisina ng Diyos. Namuhay minsan ang Diyos sa pagiging Ama, pagiging Anak, at ngayon sa Banal na Espiritu na. Iyon ang siya ring Diyos sa tatlong opisina. At may taglay ang mga iyon na . . .

231 At ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu, ay hindi Pangalan ng Diyos. May isang Pangalan ang Diyos, at ang Kanyang Pangalan ay Jesus. Ang sabi ng Biblia, “Ang sambahayan ng Langit ay pinangalananang Jesus, at ang sambahayan ng lupa ay pinangalananang Jesus.” Tama ’yon. Kaya ang Diyos ay may isang Pangalan, Pangalan ng tao. Siya noon ay . . . may pangalan na tinawag na Jehovah-jireh, Jehovah-rapha, iyon ang Kanyang

mga titulo ng pagka-Diyos. Subalit may isa Siyang Pangalan, Jesus! At iyon nga Siya.

²³² At tunay nga, mga kapatid ko, kung hindi kayo sumasang-ayon sa akin, tandaan n'yo, ako—ako—makikita ko pa rin kayo roon, anu't ano pa man. Kita n'yo? Ako'y—makakasama n'yo ako roon. At pagpalain kayo ng Diyos. At mahal ko kayo.

²³³ At nais kong alalahanin ng iglesya ngayon, sa Linggo ng umaga ay magsisimula tayo mula rito at sisikapin kong hindi ko kayo papagtatagalin nang mas matagal sa alas-dos, para magkaroon tayo ng pagtitipon sa hapon, kung magagawa natin, at kung ganito rin ang magagawa ko na kagaya ngayong gabi, alas-diyes y media. Pinapatawad n'yo ba ako? Mga kaibigan, wala na tayong gaanong oras na natitira pa, giliw ko. Ako—tinatawag ko kayong “giliw” dahil sa kayo nga'y gayon. Kayo—kayo ang mga ginigiliw ko. Alam n'yo ba kung ano? Hayaang. . . . Heto't naalala ko ang isang Kasulatan. Sabi ni Pablo, “Ako'y naninibugho sa inyo (sa Kanyang Iglesya) ng paninibughong ukol sa Diyos, sapagkat kayo'y aking pinapag-asawa.” Hayan nga kayo, na nakuha iyon. Iyon 'yon. “Sapagkat kayo'y aking pinapag-asawa, pinapakipag-asawa kay Cristo, bilang isang dalagang malinis.”

²³⁴ Ngayon, kung totoo iyon kung gayon sa araw na iyon, sabi niya. . . . Sila, sinabi sa akin ng mga tao, sabi, “Lalapit sa iyo si Jesus, at ihaharap mo kami sa Kanya,” bilang isang dalagang malinis. “Na hinatulan sa pamamagitan ng Salitang ipinangaral mo sa kanila.” At, tingnan n'yo, kung ipinangaral ko sa inyo kung ano lang talaga ang ipinangaral ni Pablo noon sa kanyang iglesya, kung makakapasok ang kanyang grupo ay makakapasok rin naman ang sa atin, 'pagkat ang gayon ding bagay ay taglay natin. Amen. Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon habang sinasabi nating, “Pagpalain kayo ng Diyos.” Ngayon. . . ? . . . ang atin nang mahal na pastor, Kapatid na Neville. 

PAGKUKUPKOP

Ang Mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa mga magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Ang Tagalog na salin na ito ay inilimbag at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org